# Pagtatayo Sa Matibay na Bato



*Na siya'y kinakailangang tanggapin ng langit hanggang sa mga panahon ng pagsasauli sa dati ng lahat ng mga bagay, na sinalita ng Dios sa pamamagitan ng bibig ng kaniyang mga banal na propeta buhat pa nang una. Mga Gawa 3:21*

Isinalin sa Wikang Filipino

Restitution Ministries Philippines
P.O. Box 79 Legazpi City 4500
gawa321@gmail.com

www.acts321.org

Ang Restitution Ministries ay pinamamahalaan ng mga mananampalatayang Adventista na tapat sa pagpapahayag ng Walang Hanggang Ebanghelyo. Kaya nga sa pagkakaroon namin ng ministeriong ito, ayon sa aming tinanggap na kaawaan, ay hindi kami nanghihina. Bagkus tinanggihan namin ang mga kahiyahiyang bagay na nangatatago, na hindi kami nagsisilakad sa katusuhan, ni nagsisigamit man na may daya ng mga salita ng Dios; kundi sa pagpapahayag ng katotohanan ay ipinagtatagubilin ang aming sarili sa bawa't budhi ng mga tao sa harapan ng Dios. Nguni't yamang mayroong gayon ding espiritu ng pananampalataya, na gaya ng nasusulat, Sumampalataya ako, at kaya't nagsalita ako; kami naman ay nagsisisampalataya, kaya't kami naman ay nangagsasalita. 2 Corinto 4:1, 2, 13

# PANIMULA

**Ang mensahero ng Panginoon ay minsang nagwika**, "Walang ibang tagapagtanggol sa kasamaan kundi ang katotohanan...Marami sa loob ng iglesia ang **hindi nais unawaing mabuti** ang kanilang pinaniniwalaan; subalit, **hanggang sa dumating ang kaguluhan, hindi nila batid** ang kanilang sariling kahinaan." *(God's Amazing Grace, p.30)*

Halos 1 ½ taon na ang nakararaan nang aking simulang unawaing lubos kung ano ang ibig sabihin niya sa pahayag na ito. Ako ay pumunta sa hilaga upang dalawin ang aking malapit na kaibigan bago matapos ang tagsibol. Pagdating ko sa kanilang tahanan at nagpalitan ng batian, agad niyang ibinahagi sa akin ang kanyang pag-aalala tungkol sa isang pangunahing katuruan ng Kristyanismo. **Ang katuruang bumabagabag sa kanya ay ang konsepto ng Trinidad.** Paanong ang 3 persona ay iisang Diyos? "Ang katuruan ng Trinidad ay mali", wika niya. Ang aking biglang tugon ay pagkainis at pagkagalit. Paanong ito magiging mali? Sa Biblia ay may nakatala tungkol sa Ama, Anak at Banal na Espiritu; hindi ba't iyon ay Trinidad? Sa kabila ng aking pagkadismaya ay inanyayahan niya akong samahan siyang maupo at magbuklat ng Banal na Kasulatan. Ako ay nagpaunlak sa pag-aakalang maaari kong maitama ang aking kaibigan. Isipin mo na lamang ang aking pagkabigla nang ang Diyos ay nagpasimulang magpakita ng mga talatang hindi ko dati maintindihan, subalit ngayon ay ipinauunawa sa akin. Bumaha ang mga katanungan sa aking isipan. Tama kaya ang paniniwala ko sa Trinidad? Ang katotohanang ito kaya ay mahalaga? Ang tatlo nga ba ay maaaring maging isa?

Naaalala ko ang mga panahong sinusubukan kong ipaliwanag sa aking mga anak ang tungkol sa Diyos. Tuwina, ako ay pupunta sa refrigerator at kukuha ng mansanas. Ako ay uupo sa pagitan nila at sisimulang ipaliwanag na ang Diyos ay katulad ng mansanas iyon. Ang Diyos ay pangalan ng pamilya, kaya ang mansanas ay kumakatawan sa Diyos. Ang Ama ay maaaring ang gitnang bahagi, ang Anak ay ang puting parte at ang balat ay ang Banal na Espiritu. Pagkatapos ay tatanungin ko ang aking mga anak kung kanilang naunawaan. Ang tugon ay magkakatulad. Sila ay titingin sa akin ng may pagkalito, iiling at sasagot ng "hindi". Ang tugon ko naman ay laging ganoon din, "ganiyan talaga yan mga anak, wala talagang makakaunawa sapagkat ang Diyos ay misteryo." At ngayon ako ay nagtataka! Ang Diyos nga kaya

ay ganoon kamisteryoso? Paano natin paglilingkuran ang Diyos kung hindi natin Siya kilala? Kailangan kong malaman ang sagot sa napakaraming mga katanungang tumatakbo sa aking isipan. Nang araw na iyon ang pagsasaliksik ay nagsimula sa pagitan ko at ni Bob na siyang nagdala sa amin ng napakalaking kagalakang aming natuklasan. Habang aming isinasantabi ang lahat ng aming nasa sa isipan at masikap sinasaliksik ang Kasulatan upang malaman kung sino ang Diyos, napuno ng kapayapaan at kagalakan ang aming mga puso ng hindi pa namin nararanasan sa aming buhay. Ang Diyos ng kalangitan ay naging tunay sa amin at sa Kaniyang pagibig sa pagbibigay niya ng Kanyang Anak na siyang pumuno sa aming buhay.

Ako at si Bob ay nais magbahagi sa inyo kung ano ang aming natagpuan sa aming pag-aaral. Aming ipinapanalangin na inyong makita ang simpleng katotohanan tungkol sa Diyos na kanyang malinaw na ibinigay sa pamamagitan ng Kaniyang Banal na Salita. Tayo ay pinagwikaang "Manalangin araw-araw at saliksiking masikap ang Biblia, na tinitimbang ang bawat kaisipan at pinaghahambing ang mga talata sa talata. **Sa pamamagitan ng banal na gabay ay atin namang huhubugin ang ating mga paniniwala sapagka't tayo ang sasagot para sa ating sarili sa harapan ng Diyos."** (*The Great Controversy, p.598*)

Hanggang sa may humamon ng aming paniniwala, hindi namin matutuklasan ang aming kahinaan. Hinahamon naman namin kayong saliksikin ang Kasulatan tulad ng hindi pa ninyo nagagawa. Mag-aral kayo sa inyong sarili tulad naman ng mga Bereo noon upang inyong Makita kung "ang mga bagay nga na ito ay tunay." Nawa'y ang pagkaunawa kung sino ang Diyos, ay pumuno sa inyong puso ng may malalim na kagalakan at pasasalamat na gaya ng sa amin! Pagpalain nawa kayo ng Diyos sa inyong pagsasaliksik ng katotohanan.

# ANG TRINIDAD

**Sa kasalukuyan, tinanggap ng Iglesia Adventista ang katuruang tatlong iisang Diyos (Triune God).** Gayunpaman, may ilang mga Adventista ang nakakaunawa na hindi ito ang orihinal na katuruang pinanghahawakan ng ating iglesia tungkol sa Diyos. **Ang mga sumusunod na pahayag ay hango sa ating aklat ng doktrina, ang *Seventh-day Adventist Believe.***

> "…ang Ebanghelyo ni Juan ay naghahayag na ang Kadiyusan ay binubuo ng Diyos Ama, Diyos Anak, at Diyos Espiritu, ang pag-iisa ng tatlong magkasing-walang hanggang (co-eternal) personang may kakaiba at misteryosong relasyon."
>
> "Walang agwat sa pagitan ng mga persona ng tatlong-iisang Diyos. Lahat Sila ay banal, subalit sila ay nagbabahagi ng kanilang makaDiyos na kapangyarihan at likas. Sa organisasyon ng tao ang huling kapamahalaan ay namamalagi sa iisang tao- ang presidente, hari o punong ministro. Sa Kadiyusan ang huling kapamahalaan ay nakaatang sa tatlong miyembro."
>
> "Samantalang ang Kadiyusan ay hindi iisang persona, ang Diyos ay iisa sa layunin, sa isip, at karakter. Ang kaisahang ito ay hindi sinisira ang kaibahan ng personalidad ng Ama, ng Anak, at ng Banal na Espiritu. Ni ang pagkakahiwalay ng personalidad ng Diyos ay sinisira ang iisang Diyos na nakasaad sa Biblia, na ang Ama, Anak, at Banal na Espiritu ay iisang Diyos." (*SAB, p.23*)
>
> "Sa Kadiyusan ay mayroong ekonomiya ng pagganap. Ang Diyos ay hindi inuulit ang gawain. …Ang Ama ang syang gaganap bilang pinagmumulan, ang Anak bilang tagapamagitan, at ang Espiritu ang siyang tagapagpakilos o tagapagudyok." (*SAB, p.24*)

Ang ilang pahayag na ito ay magbibigay sa atin ng larawan kung ano ang itinuturo ng Trinidad. Ating natagpuang may:

**(3 beings who are co-eternal)**

***3 magkakatulad na walang hanggan***

**(3 beings who are all immortal)**

***3 walang kamatayan***

**(3 beings who are all powerful, all knowing etc.)**

***3 makapangyarihan sa lahat, at nakaaalam sa lahat atbp.***

**(3 beings who are worthy of worhip and praise)**

***3 marapat sambahin at papurihan***

**(3 beings who are acting a different role)**

***3 gumaganap ng iba't ibang bahagi.***

**Kaya nga kung ang tatlong miyembro ng Kadiyusan ay walang hanggan, silang lahat ay lumitaw sa buong walang hanggan bilang magkakaibang persona.** Sila din naman ay dapat na magkakasing gulang. Kung ito nga ay totoo, na sila ay magkakasing-gulang, ang mga **titulong** kanilang tinataglay ay sumasalamin lamang sa kanilang bahaging gaganapin sa plano ng pagtubos. Hindi ito maaaring ipagpalagay sa literal na kahulugan. Halimbawa, ang Anak ng Diyos ay hindi tunay na Anak ng Diyos, Siya ay miyembro ng Kadiyusan na gumaganap ng bahagi bilang Anak. Si Elder Frank Holbrook ay nagpaliwanag sa ganitong paraan:

> "Ang katagang "Trinidad" ay ginamit sa Kristyanismong doktrina ng Diyos. **Maaaring isiping mula sa Kasulatan** nang inilatag ng Kadiyusan ang plano ng pagtubos sa isang bahagi ng panahong walang hanggan, **Sila rin ay kumuha ng bahagi o parteng gagampanan sa pagsasakatuparan ng plano ng pagtubos.**" (*Signs of the Times*, July, 1985)

**Ang Kasulatan ay nagtuturo** ng paulit-ulit na ang Diyos ay nagbigay ng Kaniyang Anak, ngunit ang Trinidad ay nagsasabing si Jesus ay hindi tunay na Anak ng Diyos, Siya ay miyembro ng Kadiyusan na gumaganap ng bahagi bilang Anak. Sinasabi ng mga Trinitarian na si Jesus ay tinawag na Anak ng Diyos dahil sa kanyang kapanganakan sa Betlehem. Ang tinutukoy ng Trinidad ay maaaring sinuman sa Kadiyusan ay gumanap bilang Anak.

Pansinin ang pahayag na ito ni J. R. Spangler:

> “Para sa akin ito ay nagpapakita na maaaring **magpapalit-palitan ang mga miyembro ng Kadiyusan** yamang sila’y iisa sa gawain at layunin.” (*Review and Herald*, Oct. 21, 1971)

Ito ang katuruan ng Trinidad sa pinaikling anyo. Ang katuruan bang ito ay natatag sa pasimula ng ating iglesia? Ang kasagutan ay walang dudang **“hindi.”** Ang *Issues*, ang aklat na inilimbag ng iglesia upang talakayin ang usaping tungkol sa mga independent ministries ay siyang nagpapalinaw ng katotohanan ito.

Basahin ang mga pahina 45,46, 437, 444. **Ang iglesia ay walang pag-aalinlangan sa pagsasabing ang ating iglesia ay hindi Trinitarian sa pasimula. Ang katuruang ito ay unti-unti ang pagpasok sa ating iglesia:**

**1928 – Ang aklat ni L.E Froom na “*The Coming of the Comforter*”**

**1931 – Unang paggamit ng konsepto ng Trinitarian sa pagpapahayag ng paniniwala (hindi opisyal)**

**1955 – Pumanig at Sumang-ayon sa Trinitarian kasama ang mga Evangelicals**

**1980 – Unang pagkakataon na ang Trinidad na doktrina ay opisyal na ibinoto bilang bahagi ng paniniwalang doktrina.**

Lubhang makatawag-pansing makita kung ano ang nakasulat sa Review tungkol sa usaping ito matapos ang pagtanggap sa **Dallas Convention noong 1980**.

> “**Samantalang wala ni isang talata sa kasulatan** ang hayag na nagpapatunay ng doktrina ng Trinidad, ito ay katotohanang **itinuturing** ng mga manunulat ng Biblia at kanilang binanggit ng maraming ulit.”
>
> **“Sa pamamagitan lamang ng pananampalataya ating matatanggap ang pagkakaroon ng Trinidad”** (*Adventist Review*, Vol. 158, No. 31, p.4)

Bilang Adventista, **may ibang doktrina ba** tayong pinanghahawakan bilang katotohanan na **tinatanggap natin sa pamamagitan lamang ng pananampalataya**? **Tayo ba ay may ibang doktrina** na **walang tiyak na**

**maipakikitang katibayan sa Kasulatan** upang patunayan ang ating paniniwala? **Walang-wala!** Hindi ba't **dapat tayong magtanong** kung ang mga bagay na ito ay **totoo**? Simulan nating **suriing mabuti** ang katuruang ito.

# Sinaunang Adventista

**Isang tanyag na katotohanan, na ang lahat ng nagtatag ng pananampalatayang Adventista ay hindi mga Trinitarian.** Sa katunayan, sila ay may matitinding salita laban sa katuruang ito. Ilan sa mga kilalang tao na maaaring ikaw ay pamilyar ay sina: E.J Waggoner, J.H Waggoner, Uriah Smith, A.T. Jones, James White, Joseph Bates, J.N Andrews, J.N. Loughborough, R.F Cottrell, A.J Dennis at iba pa. Sa aklat na *Issues* ay iyong matatagpuan ang 1872 Statement of Belief sa p.437. Iyo agad maitatala ang malaking pagkakaiba sa ating katuruan ngayon tungkol sa Kadiyusan . (Tingnan ang Appendix)

**Na ang pagkilala ng iglesia sa katotohanan tungkol sa kawalan ng pagsang-ayon ng sinaunang mananampalataya sa doktrinang ito** ay nakatala din naman sa artikulo na makikita sa Ministry magazine sa nakaraang taon. Nakalagay dito na:

> "Halos lahat ng mga nagtatag ng Seventh-day Adventism ay **hindi magiging kaanib sa iglesia ngayon** kung sila ay pasasang-ayunin sa Fundamental Beliefs ng denominasyon."
> "Lalong higit, halos lahat ay **hindi maaaring sumang-ayon sa ikalawang paniniwala na nagtuturo ng doktrina ng Trinidad**."(*Ministry Magazine*, Oct. 1993, p.10)

Ang artikulo ay nagpatuloy sa pagpangalan ng ilang mga tao na sasalungat. Ating tingnan ang ilang mga pahayag na ginawa ng mga ama ng ating pananampalataya at upang ating makita ang kanilang palagay tungkol sa katuruang ito.

> **"Ang pinakamalaking pagkakamali na ating makikita sa Repormasyon ay**, ang mga Repormador ay tumigil sa pagbabago. Kung sila'y nagpatuloy, sa paghakbang, hanggang sa kanilang tuluyang matalikuran ang huling tanda ng Kapapahan, tulad ng natural na walang-kamatayan, pagwiwisik, **ang Trinidad**, at pangingilin ng Linggo, ang iglesia ngayon ay magiging malaya na sa mga

**kamaliang hindi matatagpuan sa Biblia.**" (James White, *Review and Herald*, March 6, 1856)

**"Ang doktrina ng Trinidad ay itinatag sa iglesia sa pamamagitan ng Konseho ng Nicea**, A.D 325. Ang doktrinang ito ay **sumisira sa personalidad ng Diyos, at ng Kanyang Anak na si Jesucristo na ating Panginoon**. Ang tanyag na paraan kung paano ito ipinilit sa iglesia na nahayag sa mga pahina ng pansimbahang kasaysayan ay **magdadala sa bawat mananampalataya sa doktrinang yaon ng kahihiyan.**" (J.N Andrews, *Review and Herald*, March 6, 1855)

"Maraming itinuturo ang mga Kasulatan tungkol sa pre-existence (paglitaw bago ang lahat) ni Kristo at Kanyang kabanalan, ngunit ang mga ito ay lubos na tahimik tungkol sa Trinidad." (J.H Waggoner, *The Atonement*, p.173)

"Kaya ang pagpuna ay wasto, na ang doktrina ng Trinidad ay sumisira sa Pagtubos…" (J.H Waggoner, *The Atonement*, p. 166)

**Nang tinanong si Elder Loughborough tungkol sa doktrina ng Trinidad ay kanyang sinabi:**

**"Maraming pagtutol ang maaari nating igiit,** ngunit dahil sa limitadong espasyo, atin itong papaikliin sa tatlong mga sumusunod: 1. Ito ay salungat sa likas na pagkukuro. 2. Ito ay salungat sa Kasulatan. 3. Ang pinagmulan nito ay pagano at hindi kapani-paniwala… Sa halip na tayo ay ituro sa Biblia bilang patunay sa Trinidad, tayo ay itinuturo sa *trident* ng mga Persyano, na may pag-aangkin na "sa pamamagitan nito kanilang maituturo ang ideya ng Trinidad, at kung sila ay mayroong doktrina ng Trinidad, maaaring tinanggap nila ito bilang tradisyon mula sa bayan ng Diyos. Ngunit ang lahat ng ito ay inaaakala lamang sapagkat nakatitiyak tayong ang **Iglesia ng Judio ay hindi naniwala sa ganoong doktrina.** Sabi ni Mr. Summerbell; "Isang kaibigan ko ang naroroon sa sinagoga ng New York, ang nagtanong sa Rabbi ng paliwanag tungkol sa salitang '*elohim.*' Isang tagapagturong Trinitarian na nakatayo ang tumugon, 'Bakit, iyan ay may kinalaman sa tatlong persona sa Trinidad,' nang may lumapit na Judio at kanyang sinabing **hindi na dapat pang ulitin ang salitang iyon, kung hindi sila ay mapipilitang palabasin siya sa simbahan**; sapagkat hindi pinahihintulutang

banggitin ang ngalan ng **ibang Diyos sa sinagoga**." (*Review & Herald*, Nov 5. 1861)

"Hindi pangkaraniwan sa ating isipan na pag-usapan ang tatlo bilang isa, at isa bilang tatlo. O tulad sa pahayag ng iba, sa pagtawag sa Diyos na "Triune God," o tatlo-isang Diyos. "Kung ang Ama, Anak, at Banal na Espiritu, ang bawat isa ay Diyos, ito ay magiging tatlong Diyos; dahil kapag tatlong beses mong ulitin ang isa (3x1) ay hindi isa sa halip ay tatlo." (J.N Lougborough, *Review & Herald*, Nov.5, 1861)

"Ngunit ang paniniwala sa doktrina ng Trinidad ay hindi lubhang katibayan ng masamang intensyon tulad ng **pagkalasing mula sa alak na kung saan ang lahat ng bansa ay uminom.** Ang katotohanang ito ay ang isa sa mga pangunahing doktrina, kung hindi man ang pinakapangunahin, kung saan ang obispo ng Roma ay naitaas sa kapapahan, ay hindi marami ang sinasabi sa pagsang-ayon dito." (R.F Cottrell, Revieew & Herald, July 6, 1869)

"Inaangkin ng mga Seventh-Day Adventists ang Salita ng Diyos bilang pinakamataas na saligan at sila ay "lumabas na sa Babilonia", at itinakwil ang mga walang kabuluhang tradisyon ng Roma. Kung tayo ay babalik sa hindi namamatay na kaluluwa, ang purgatoryo, walang katapusang pagpapahirap at Linggong Kapahingahan, hindi ba't iyon ay katulad ng pagtalikod? Gayunpaman, kung ating talunan ang lahat ng mga **maliliit, at hindi mga pangunahing turo** subalit tanggapin at ituro **ang pinakapangunahing doktrina ng Romanismo, ang Trinidad,** at ituro na ang Anak ng Diyos ay hindi namatay, bagaman ang ating mga salita ay tila espirituwal, hindi ba't **ito'y nangangahulugan ng pagtalikod, at ang Pinakahuling pagtalikod?** "Salamat sa Diyos sa pagkakaloob ng Espiritu ng Propesiya!" Sa nakalimbag na kopya ng sermon ni Elder Prescott, aking napuna na kanyang pinagbatayan ang maraming mga pahayag mula sa katuruan ng mga ministro ng ibang mga iglesiang nanginiglin ng Linggo - kung kaniyang babasahin ang sulat ng Espiritu ng Propesiya ng mas higit at bawasan ang pagbabasa ng katuruan ng mga ministrong nangingilin ng linggo; kung sa simpleng pananampalatayang ay kaniyang tanggapin ang katuruan ng patotoo ni Jesus, hindi niya magagawa ang pagkakamali na magturo ng paganong doktrina ng Trinidad…" (1939 Letter by J.S Washburn in response to an article by Elder Prescott)

**Mahalagang bigyang pansin na ang pinagbabatayan sa pagsuporta ni Elder Prescott sa katuruang Trinidad ay mula sa mga ministrong nangingilin ng Linggo.** Napagtanto ni Elder Washburn na ito ay kakaiba. Pagkatapos, ay kaniyang binanggit na ang Espiritu ng Propesiya ay napakalinaw sa usaping ito. Si Elder L.E. Froom, maaari, ay isa sa pinakamalakas na tagasulong ng Trinidad na katuruan sa Adventista, sa pagsulat ng kaniyang aklat sa paksang ito ay kaniya rin naman ipinahayag na kinailangan pa niyang puntahan ang mga ministrong nangingilin ng Linggo upang makakuha ng mga impormasyon. Iyan ba ang lugar na itinuro sa bayan ng Diyos sa paghanap ng mga kasagutan?

Tulad ng iyong nakikita, marami sa mga ama ng ating pananampalataya sa dakilang kilusang Adventista ay may matinding pakikipagpunyagi sa katuruan ng "Trinidad." Bakit napakarami sa kanila ang sumasalungat sa katuruang ito? Sa pagsisimula, ang kasaysayang nakapaligid sa pag-usbong nito sa Kristyanismo ay magdadala ng katanungan. **Ang Trinidad ay tinanggap bilang doktrina sa Konseho ng Nicea noong 325 A.D.** Iyong mapapansin na ang konsehong iyon din ang nagdala ng **kabanalan ng Linggo** sa Kristyanismo. **Ang pagbibigay kahulugan sa Banal na Espiritu ay nagpatuloy na lumago hanggang A.D. 381,** kung saan kasalukuyang ang pagkaunawa ay tinanggap. Ang isa pang kahinahinalang salik ay ang katotohanang ang **Katolisismong Romano ay ginagamit ang katuruang ito bilang pinakapangunahing katuruan ng kanilang pananampalataya.**

> "Ang misteryo ng Trinidad ay ang **sentrong doktrina ng pananampalatayang Katoliko. Buhat dito nakabatay ang lahat ng ibang katuruan ng iglesia.**" (*Handbook for Today's Catholic*, p.11)

**Ano pa ang ibang katuruan ng pananampalatayang Katoliko** ang konektado sa **doktrina ng Trinidad?** Ang isang sulyap ay magbibigay sa atin ng mga katuruan tulad ng: **natural na walang kamatayang kaluluwa, kabanalan ng Linggo, tradisyon kapalit ng Biblia, purgatoryo, walang katapusang impiyerno, ang misa, pananalangin sa mga santo, ang hindi nagkakamaling papa, ang sakdal na paglilihi, at ang kakayahan ng mga paring magpatawad ng kasalanan.** Ito ay nararararapat magpakita ng seryosong katanungan sa ating mga kaisipan. **Ang doktrina kayang pinakaugat, ang pinakasentro ng mga maling katuruan ay tama?**

# Mga Katanungan?

*"Kaya't ang bawa't dumirinig ng aking mga salitang ito at ginaganap, ay matutulad sa isang taong matalino, na itinayo ang kaniyang bahay sa ibabaw ng bato: At lumagpak ang ulan, at bumaha, at humihip ang mga hangin, at hinampas ang bahay na yaon; at hindi nabagsak: sapagka't natatayo sa ibabaw ng bato. At ang bawa't dumirinig ng aking mga salitang ito at hindi ginaganap, ay matutulad sa isang taong mangmang, na itinayo ang kaniyang bahay sa buhanginan: At lumagpak ang ulan, at bumaha, at humihip ang mga hangin, at hinampas ang bahay na yaon;* ***at nabagsak: at kakilakilabot ang kaniyang pagkabagsak."*** *Mateo 7:24-27*

1. Ang talata sa taas sa Mateo ay nagbibigay sa atin ng **napakahalagang prinsipyo ng Kristyanismo**. Payak nitong sinasabi na kapag tayo ay nagtayo sa **matibay na pundasyon ng katotohanan** na tulad din naman kay Jesus, **ang bahay ay magiging matatag**. Subalit, kung tayo ay magtatayo sa **buhanginan ng kamalian, ang bahay ay guguho**. Sa kaisipang iyan, ating tingnan ang mahalagang problema.

   **A.** **Ang iglesiang Romano Katoliko** ay tinanggap ang sinasabi nating dalisay na katuruan tungkol sa Diyos, ang Trinidad, at ginawa nilang pundasyon ng katuruan na kung saan ang lahat ay nakasalalay. Pagkatapos sila'y nagtayo sa pundasyong ito na sinasabi nating **maling-mali at masamang uri ng pagsamba na tinatawag nating sistemang anticristo.** Maaari kaya ito?

   **B.** **Atin din namang sinasabing ang iglesiang nalabi ng Diyos** ay nagpasimula ng panawagan na may lubusang kamalian at hidwang paniniwala tungkol sa Diyos **(Isang Diyos na nagsilang ng Anak at nagbabahagi ng iisang Espiritu)** at sa **maling pundasyong ito tayo ay nagtatag ng buong sistema ng tamang pagsamba. Maaari kaya?**

**Ngayon ang katanungan na dapat nating itanong sa ating sarili ay: ito ba ay mahalaga? Sinusunod ba nito ang malinaw na prinsipyo ng Biblia?** Hindi kaya ang ating mga sinaunang mananampalataya ay **mayroong** wastong katuruan tungkol sa Kadiyusan at kanila itong itinatag sa matibay na pundasyon sa simula pa lamang? Paanong sila ang nalabi kung ayon sa katuruan ngayon, ay may taglay na dakilang

kamalian sa pagpapaliwanag sa pinakapuso ng pananampalatayang Kristiyano? **Paano nila tatawagan palabas ang mga tao mula sa Babilonia kung sila mismo ay nalubog sa maling katuruan?**

2. Kung ang mga sinaunang Adventista ay nagkaroon ng maling katuruan tungkol sa Diyos, **bakit hindi kailan man sila pinagsabihan ng propetisa sa kanilang paniniwala sa bahaging ito?**

**Ang mismong asawa ni Ellen White ay solidong anti-Trinitarian**. Ang ilan ay nagsasabing nagbago siya ng paniniwala bago sya mamatay ngunit pansinin ang pahayag na ito ni Russell Holt:

> "Ang katibayan mula sa kaniyang panulat ay tila nagpapakita na ang kanyang espirituwal na koneksyon sa Christian Connection**, hanggang sa kaniyang kamatayan sa edad na 60, si James White ay sumalungat sa Trinidad, kung parehong pagbabatayan ang lohika at Kasulatan, habang pinanghahawakan ang tiyak na konsepto ng mataas na katungkulan at Kadiyusan ni Jesucristo**. Makatawag pansin ang pangyayari dahil sa bukod tangi at espesyal na relasyon ni James White sa mensahero ng Panginoon, na kaniyang asawa. **Nakasisiguro tayong alam ni Sis White ang iniisip ng kaniyang asawa tungkol sa usapin. Kanya bang sinang-ayunan? Kung hindi, bakit ipinagpatuloy ni James White ang kaniyang paniniwala? Itinigil kaya ng ganoon na lamang ni Sis White ang pagsaway sa kanya? Bakit?"** (*Old Paths*, Vol.3 No.11 comment on Russell Holt)

Tunay na nakatatawag-pansin na hindi sinaway ng propetisa ang kaniyang asawa sa pundasyong katuruan kung nasa sa isip nya na si James White ay mali. **Hindi kaya ang dahilan ay lubos siyang sumasang-ayon sa kanya at hindi kinakailangan itama pa?**

3. Bakit maging ang Biblia o ang sulat ni Ellen White ay hindi ginamit ang katagang "**Trinity**"

4. Bakit sa *Story of Redemption, Patriarchs and Prophets, at Great Controversy* (lalo na ang kapitulong 'The Origin of Evil') at sa lahat pa ng kaniyang isinulat tungkol sa pre-existence (paglitaw bago ang lahat) sa Langit, kanyang tinukoy si Kristo

bilang “Mahal na Anak ng Diyos” o “Minamahal na Anak, “o “isinilang na Anak?” kung siya ay hindi literal na Anak ng Diyos sa Langit, sa halip ay dahil sa Kanyang kapanganakan sa Betlehem tulad ng mga sinasabi ng mga Trinitarian, bakit tinatawag siyang Anak bago ang kanyang pagkakatawang-tao?

5. Bakit sa lahat ng mga isinulat ni Ellen White tungkol sa plano ng paglalang at paghihimagsik sa Langit o sa pagkabagsak ni Lucifer, ay hindi siya kailanman nagsalita na may ginampanang bahagi ang Banal na Espiritu? Maaari kayang ang Banal na Espiritu ay **hindi ibang personang hiwalay sa Ama at sa Anak?**

6. Bakit naman si Lucifer maiingit? Kung si Jesus ay ang walang hanggang Diyos, bakit hindi niya (Lucifer) kinikilala ang kapamahalaan ni Jesus? Ipinakita sa atin na ang katungkulan lamang ni Jesus ang ayaw tanggapin, hindi ang sa Ama.

7. **Bakit hindi kailanman sinabi sa mga Kasulatan na ating sambahin o panalanginan ang Banal na Espiritu kung Siya ay Diyos?** Bakit ang Kasulatan at Espiritu ng Propesiya ay nagpapahayag na may **dalawa lamang** na karapat dapat sambahin at papurihan, ang **Ama** at **Anak**?

8. Tunay bang Anak ng Diyos ang naparito upang mamatay tulad ng sinasabi ng Kasulatan, o ang naparito ay Diyos na **gumaganap** na Anak? Kung tunay man na sila ay gumanap lamang ng mga tungkulin gaya ng sinasabi ng mga Trinitarian, nasaan ang patunay sa Biblia at Espiritu ng Propesiya para dito?

9. **Tayo bilang mga Adventista ay lubos na ipinagmamalaking sabihin sa sanlibutan na ang doktrina ay hindi nagbabago.** Madalas nating sinisipi ang sulat ni Ellen White sa bahaging ito, **“Huwag alisin ang pundasyon.”** Ngunit sa katunayan may pundasyong tinanggal na! **Noong 1872 tayo ay hindi iglesiang Trinitarian. Noong 1931 ang hindi opisyal na paniniwala ay nagtunog Trinitarian. Ang “Sino ang Diyos” ba ay haligi?** Sa 1 SM (kapitulo 24, 25) na may kinalaman sa **Alpa at Omega**, tayo ay binigyang babala ng paulit-ulit na huwag iwanan ang plataporma na ating kinatatayuan sa nakaraang 50 taon. (sinulat noong 1903). Ang katanungan ay- **Atin nga kayang iniwanan**?

**Ito ay ang ilan sa mga mahahalagang katanungang kinakailangang sagutin.** Habang tayo ay masusing mag-aaral tungkol sa Kadiyusan, gagamitin natin ang tatlong patotoo: **Ang Biblia**, sapagkat ang lahat ng ating katuruan ay dapat nakaugat sa Banal na Kasulatan; **Ang Espiritu ng Propesiya**, sapagkat ang Diyos ay nagbigay ng “mas maliit na liwanag” upang tayo’y akayin sa Banal na Kasulatan; at ang mga **sinaunang Adventistang mananampalataya**, sapagkat ang mga taong ito ay tinawagan ng Diyos na lumabas sa Babilonia at sila’y ginamit upang hubugin ang Kanyang nalabing iglesia.

Dapat nating alalahanin na kung ating pag-aaralan ang bawat usapin, dapat nating tingnan ang katibayan ng may katapatan at walang kinikilingan. Madaling bagay lamang ang humanap ng sipi ng Kasulatan at Espiritu ng Propesiya upang **“suportahan” ang aking pansariling pananaw**, subalit, may katalinuhan kung tayo ay kukuha ng maraming impormasyong maaaring likumin, saka tayo gagawa ng ating pagpapasya. Tunay na may ilang talata sa Biblia at Espiritu ng Propesiyang na tila salungat, ngunit ako’y naniniwala na kung atin itong titingnan sa malawak na aspeto ng mga impormasyon, ang perpektong pagkakaugnay ng katotohanan ay mabubuo. **Ako ay naniniwalang walang duda, na ang Kasulatan, si Ellen White at ang mga sinaunang Adventista ay nagkakaisa sa doktrina ng Diyos.**

# ISANG DIYOS

**Nang iniligtas ng ating dakilang Diyos ang mga Israelita mula sa pagkaalipin sa Ehipto, inakay sila patungo sa Dagat na Pula at dinala sa paanan ng Bundok ng Sinai,** pinagbilinan Niya ang mga ito na magpakabanal sapagkat Siya ay may napakahalagang bagay na sasabihin sa kanila. Ito rin ang panahon na si Moises ay umakyat sa taluktok ng bundok upang tanggapin ang mga tagubilin para sa mga tao. Ipinagkaloob ng Diyos kay Moises ang mga tapyas ng bato na kung saan inukit ng kanyang sariling daliri ang kautusan na dapat isakabuhayan ng Kanyang bayan. Sa Exodo 20 ating mababasa:*"At sinalita ng Diyos ang lahat ng salitang ito, na sinasabi, **Ako ang Panginoon mong Diyos,** na naglabas sa iyo sa lupain ng Ehipto, sa bahay ng pagkaalipin. **Huwag kang magkakaroon ng ibang mga Diyos sa harap ko**."(*Exodo 20:1-3) Ang Israel ay kalalaya pa lamang sa lupaing maraming Diyos Diyosan ang sinasamba, kaya ang Diyos ng kalangitan ay kaagad nagpaalaala sa Kaniyang bayan na **may iisang tunay na Diyos** lamang**.**

**Sa panahon ng paglalakbay ng Israel sa ilang**, tila ang Diyos ay patuloy at paulit - ulit ang pagpapaalala sa kanila ng napakahalagang puntong ito sa kanilang kaisipan. At nang sa huli ay handa na silang pumasok sa Lupang Pangako, ang Diyos, sa makailang ulit na pagkakataon ay nagpaalala sa kanila ng katotohanang ito:*"Sa iyo ipinakita ito, upang iyong makilala na ang PANGINOON ay siyang Diyos; **wala ng iba liban sa kaniya**."*(*Deuteronomio* 4:35) At muli, bago bigkasin ni Moises ang utos ng Diyos na sakupin ang Canaan, sinabi niya:*"Dinggin mo, Oh Israel: **Ang Panginoon nating Diyos ay isang Panginoon."*** (Deutoronomio 6:4) Mapapansing ang paniniwala sa maraming Diyos ay matamang isinasaalang-alang ng Panginoon; labis ang Kanyang pag-aalala kaya't palagi Niyang pinaaalalahanan ang kanyang bayan, nang paulit ulit, upang huwag silang magkamaling sumamba sa maraming diyos**.** Ang konsepto na ang iisang Diyos ay binubuo ng tatlong magkakaibang persona ay kakaiba para sa kanila.

Kung titingnan ang ibang mga talata, ating makikita na:

> **Marcos 12:28-32** *"...Ano baga ang pangulong utos sa lahat? Sumagot si Jesus, Ang pangulo ay, **Pakinggan mo, Oh Israel; Ang Panginoon nating Diyos, ang Panginoon ay iisa…** At sinabi sa kaniya ng eskriba, **Sa katotohanan, Guro, ay mabuti ang pagkasabi mo na siya'y iisa; at wala nang iba liban sa kaniya:"***
>
> **1 Corinto 8:6** *"Nguni't sa ganang atin ay **may isang Diyos lamang, ang Ama,** na buhat sa kaniya ang lahat ng mga bagay, at tayo'y sa kaniya; at isa lamang*

*Panginoon, si Jesucristo, na sa pamamagitan niya ang lahat ng mga bagay, at tayo'y sa pamamagitan niya."*

**Efeso 4:6** *"**Isang Diyos at Ama ng lahat**, na siyang sumasa ibabaw sa lahat, at sumasa lahat, at nasa lahat."*

**1Timoteo 2:5** *Sapagka't may* ***isang Diyos at may isang Tagapamagitan*** *sa Diyos at sa mga tao, ang taong si Cristo Jesus,*

Sa mga talatang ito, si Pablo ay nagpapahayag na mayroon lamang **iisang Diyos, Ang Ama**. Sinabi niya na sa pamamagitan ng Ama lumitaw ang lahat ng mga bagay. Sinabi rin niya na mayroon lamang tayong **iisang Panginoon Jesus, ang ating Tagapamagitan** sa Diyos at sa nagkasalang tao.

**Juan 17:3** *"At ito ang buhay na walang hanggan, na ikaw ay makilala nila na iisang Diyos na tunay, at siyang iyong sinugo, sa makatuwid baga'y si Jesucristo."*

Sinabi mismo ni Jesus na mayroong **iisang Diyos lamang, Ang Ama**. Ang buhay na walang hanggan ay ang makilala ang tunay na Diyos, Ang Ama **at** si Jesus na isinugo ng Ama.

**Santiago 2:19** *"Ikaw ay sumasampalataya na ang Diyos ay iisa; mabuti ang iyong ginagawa: ang mga demonio man ay nagsisisampalataya, at nagsisipanginig."*

Maliwanag na itinuturo ng Kasulatan na mayroon lamang **isang Diyos, ang Ama.** Wala kang makikita sa Biblia na ang iisang Diyos ay binubuo ng tatlong magkakaibang indibidwal. Sinasabi ng mga Trinitarian na may iisang Diyos; Ama, Anak at Banal na Espiritu." Sinasabi ng Kasulatan na may **iisang Diyos, ang Ama**."

Ano ang pananaw ng mga sinaunang Adventista tungkol dito?

"Kinikilala natin ang mga salita ni Pablo, na "sa ganang atin ay may isang Diyos lamang, ang Ama, na buhat sa kaniya ang lahat ng mga bagay, at tayo'y sa kaniya; at isa lamang Panginoong Jesucristo, na sa pamamagitan niya ang lahat ng mga bagay, at tayo'y sa pamamagitan niya. (1 Cor.8:6); tulad ng ating sinipi, na sa pamamagitan Niya nilikha ng Diyos ang mga sanlibutan. **Ang lahat ng bagay ay**

**nagbuhat sa Diyos, ang Ama; maging si Cristo mismo ay nagmula at nanggaling sa Ama…"** (E. J. Waggoner, *Christ and His Righteousness,* p.19)

Muli, tungkol sa pagpapakita ni Jesucristo, ang sabi ng Salita ay: "Na sa kaniyang kapanahunan ay ipahahayag siya, na mapalad at tanging Makapangyarihan, Hari ng mga hari, at Panginoon ng mga panginoon; Na siya **lamang ang walang kamatayan**, na nananahan sa liwanag na di malapitan; na di nakita ng sinomang tao, o makikita man." 1 Tim. 6:15, 16 Dinala ni Cristo ang walang kamatayan sa liwanag...Ngayon dapat hanapin ang walang hanggang buhay, At bilang ang Diyos lamang ang nagtataglay nito, at si Cristo lamang ang nagdala nito sa liwanag, sumusunod lamang na dapat hanapin ang walang hanggang buhay sa Diyos, sa pamamagitan ni Cristo" (A.T Jones, *Bible Questions and Answers Concerning Man*, par.4,6)

Ating alalahanin na ang dalawang pahayag na ito na pangkaraniwan sa mga sinaunang mananampalataya, ay nanggaling kina Elder Jones at Waggoner ng 1888. Iyong naaalala na kanilang dinala ang mensahe ng katuwiran sa pamamagitan ng pananampalataya (righteousness by faith) sa ating kapulungan. Sinabi ni Ellen White na ang mga taong ito ay nagdadala ng mensaheng buhat sa Diyos para sa Kanyang bayan. **Maari bang ang mga taong ito ay makapagdala ng mensaheng mula sa Diyos kung sila ay may maling konsepto ng Diyos? Kung ang kanilang pananaw sa Diyos ay nagpapababa, ang propetisa kaya ng Panginoon ay hihikayatin ang Kaniyang bayan na ang Diyos ay nagpadala ng mensahe sa pamamagitan nila na marapat pakinggan?**

Sabi ni Ellen White:

Hayaan silang maging mapagpasalamat sa Diyos sa kanyang mayamang kahabagan at maging mabuti sa kanilang kapwa. Sila ay may **iisang Diyos**, **isang Tagapagligtas**; at **isang Espiritu**—**ang Espiritu ni Cristo**—ay magdadala ng pagkakaisa sa kanilang mga hanay." (*Testimonies Vol.9*, p.189)

# ANG ANAK NG DIYOS

Kung may **isang Diyos, ang Ama**, *"na buhat sa kanya ang lahat ng mga bagay"* tulad ng itinuturo ng Kasulatan, sino naman si Jesus? Ano ang kanyang relasyon sa Ama? Siya ba ay Diyos (Divinity), o siya ba'y mababang uri ayon sa ng turo ng iba? Ako ay naniniwala na habang ating titingnan ang mga katibayan ating makikita na si Jesus ay ang **isinilang na Anak ng Diyos**. Siya ay Diyos (Divinity). Minana ni Jesus ang lahat ng mga bagay mula sa kanyang Ama: Ang Kanyang mga pangalan, ang Kanyang kapangyarihan, lahat ng kapamahalaan at tunay na karapatdapat sambahin at papurihan!

> **Juan 3:16** *"Sapagka't gayon na lamang ang pagsinta ng Diyos sa sanglibutan, na ibinigay niya ang kaniyang* ***nag-iisang isinilang na Anak****, upang ang sinomang sa kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan."*
>
> **1Juan 4:9** *Dito nahayag ang pagibig ng Diyos sa atin, sapagka't sinugo ng Diyos ang kaniyang* ***nag-iisang isinilang na Anak*** *sa sanglibutan upang tayo'y mabuhay sa pamamagitan niya.*
>
> **Juan 1:14** *At nagkatawang-tao ang Verbo, at tumahan sa gitna natin (at nakita namin ang kaniyang kaluwalhatian, kaluwalhatian gaya ng sa* ***nag-iisang isinilang ng Ama****), na puspos ng biyaya at katotohanan.*

Ating tandaan: **Isinugo** ng Diyos ang tanging Anak na mayroon Siya. Hindi dito sinabi na si Jesus ay naging isinilang na Anak nang ipinananganak Siya sa sanlibutan. Ang isinilang na Anak ng Diyos ang isinugo.

**Begotten (Isinilang): "monogenes" nangangahulugang "only born**" (nag iisang isinilang) – sabi ng ilang lexicon ito ay maaaring nangangahulugang "unique" (kakaiba), kaya sinasabi ng mga Trinitarian ito dapat ay tumutukoy sa kapanganakan Niya sa Betlehem. **Subalit**, dapat nating alalahanin na ang salitang begotten (isinilang) ay ginamit upang isalarawan sa paglitaw ng Anak sa Langit bago siya pumarito sa sanlibutan. Tinawag din ni Ellen White si Jesus na begotten Son (isinilang na Anak) bago ang Kaniyang kapanganakan sa Betlehem. Ang Kaniyang paglitaw ay tunay na (unique) kakaiba yamang siya ay ang kaisa-isang Anak ng Diyos.

**Juan 8:42** "*Sinabi sa kanila ni Jesus, Kung ang Diyos ang inyong ama, ay inyong iibigin ako: sapagka't* ***ako'y nagmula*** *at* ***nanggaling sa Diyos****; sapagka't hindi ako naparito sa aking sarili, kundi sinugo niya ako.*"

**Pansinin**: Si Jesus ay nagmula at nanggaling sa Diyos- dalawang aksyon.

Paano ipinakilala ng mga alagad si Jesus?

**Mateo 14:33** *"At ang mga nasa daong ay nagsisamba sa kaniya, na nangagsasabi, Tunay na ikaw ang* ***Anak ng Diyos****."*

**Juan 6:69** "*At kami'y nagsisisampalataya at nakikilala namin na ikaw ang* ***Anak ng buhay na Diyos****."*

**Juan 11:27** "*Sinabi niya sa kaniya, Oo, Panginoon: sumasampalataya ako na ikaw ang Cristo ang* ***Anak ng Diyos****, sa makatuwid baga'y ang naparirito sa sanglibutan."*

Paano kinikilala ng mga masasamang anghel si Jesus?

**Mateo 8:29** *"At narito, sila'y nagsisigaw, na nangagsasabi, Anong aming ipakikialam sa iyo, ikaw na* ***Anak ng Diyos?..."***

Paano ipinakilala ni Jesus ang Kaniyang sarili?

**Juan 10:36** "*Sinasabi baga ninyo tungkol sa kaniya, na pinabanal ng Ama at sinugo sa sanglibutan, Ikaw ay namumusong; sapagka't sinasabi ko,* ***Ako ang anak ng Diyos?***"

Napakarami ng mga talata ang malinaw na nagsasabing si Jesus ay ang Anak ng Diyos. Walang nagsabing Siya ay Anak dahil lamang dahil sa kanyang kapanganakan sa Betlehem.

| | | | |
|---|---|---|---|
| Lucas 22:70 | Juan 11:4 | Juan 3:18 | Juan 5:25 |
| Gawa 8:37 | Roma 1:4 | Galacia 2:20 | Efeso 4:10-13 |
| 1 Juan 3:8 | 1 Juan 4:15 | Juan 1:34 | Marcos 3:11 |
| 1Juan 5:10, 13, 20 | | | |

Ang Kasulatan ay maliwanag na nagsasabing si Jesus ay Anak ng Diyos, hindi miyembro ng Kadiyusan (Godhead) na **ginaganapan ang parte ng Anak tulad ng itinuturo ng Trinity.** Ang sabihin na si Jesus ay "tinawag" lamang na Anak dahil sa katuparan ng Kanyang kapanganakan sa Betlehem, tulad ng sinasabi ng mga Trinitarian, ay pawang **hakahaka lamang**, hindi ito mapapatunayan sa Kasulatan.

Ito ay dahil sa si Jesus ang Anak ng Diyos kaya't Siya'y pinagkalooban ng lahat ng mga bagay ng Ama.

> **Hebreo 1:1-3** *"Ang Diyos ... Ay nagsalita sa atin sa mga huling araw na ito sa pamamagitan, ng kaniyang Anak,* ***na siyang itinalaga na tagapagmana ng lahat ng mga bagay,*** *na sa pamamagitan naman niya'y ginawa ang sanglibutan;* ***Palibhasa'y siyang sinag ng kaniyang kaluwalhatian, at tunay na larawan ng kaniyang pagka-Diyos,*** *at umaalalay ng lahat ng mga bagay sa pamamagitan ng salita ng kaniyang kapangyarihan, nang kaniyang magawa na ang paglilinis ng mga kasalanan, ay lumuklok sa kanan ng Karangalan sa kaitaasan;"*

**Pansinin: Tinanggap ni Cristo ang lahat ng bagay bilang pamana.**

Si Cristo ang hayag na larawan ng Ama – Siya ay eksaktong katulad Niya, isang kopya. Kaya maaaring sabihin ni Jesus, "*ang nakakita sa akin ay nakakita sa Ama.*" Juan 14:9

> **Juan 5:26** *Sapagka't kung paanong ang Ama ay may buhay sa kaniyang sarili, ay gayon din namang* ***pinagkalooban niya ang Anak na magkaroon ng buhay sa kaniyang sarili:"***

Ang Kasulatan ay nagtuturo na ipinagkaloob Kay Jesus **ang lahat ng mga bagay bilang pamana buhat sa Ama.** Ang mga sinaunang Adventista ay naniniwalang ipinagkaloob ng Diyos ang lahat ng kapangyarihan at kapamahalaan sa Kanyang Anak. Siya ang **larawan ng Ama**, katulad Niya. Si Jesus **ang kaisa-isang Anak na mayroon ang Diyos** kaya't Siya ang tagapagmana ng lahat pag-aari ng Diyos: Ang Kaniyang kapangyarihan at kapamahalaan, ang Kanyang pangalan, ang Kanyang Kadiyusan. Lahat ng bagay na mayroon ang Ama ay para rin sa Anak. Si Jesus ay tunay na **Diyos** (Divinity). Ang mga ama ng ating pananampalataya ay hindi naniniwala na si Cristo ay nilalang, kundi **isinilang na Anak**.

Dapat alalahanin, na may kinikilalang Anak si Solomon bago pa man pumarito sa lupa si Jesus.

> **Kawikaan 30:4** *"Sino ang sumampa sa langit, at bumaba? Sino ang pumisan ng hangin sa kaniyang mga dakot? Sinong nagtali ng tubig sa kaniyang kasuutan? Sinong nagtatag ng lahat ng mga wakas ng lupa?* ***Ano ang kaniyang pangalan, at ano ang pangalan ng kaniyang anak kung iyong nalalaman?"***

> **Kawikaan 8:22-25** *"Inari ako ng Panginoon sa pasimula ng kaniyang lakad, Ako'y nalagay mula noong araw mula ng walang pasimula,* ***Ako'y nailabas*** *ng wala pang mga kalaliman; nang wala pang mga bukal na sagana ng tubig ...* ***bago ang mga burol ay ako'y nailabas****"*

Sa akala ng marami, ang talatang ito ay hindi tumutukoy kay Jesus bilang kanyang persona, sa halip ay sa karunungan (ginamit sa talinghaga). Subalit sinabi ni Ellen White na ito talaga ay tumutukoy kay Jesus.

> At nagpahayag ang Anak ng Diyos ukol sa **Kaniyang Sarili**: "Inari ako ng Panginoon sa pasimula ng kaniyang lakad, Ako'y nalagay mula noong araw mula ng walang pasimula… nang kaniyang iayos ang mga patibayan ng lupa:Nasa siping nga niya ako na gaya ng matalinong manggagawa: at ako ang kaniyang ligaya sa araw-araw, na nagagalak na lagi sa harap niya." Mga Kawikaan 8:22-30." (*Patriarchs and Prophets*, p. 34)

**Ang Kasulatan din ay nagpapahayag sa atin na ang Diyos ay hindi lamang Ama ni Cristo kundi Kanya ring Diyos.**

> **1 Pedro 1:3** *"Purihin nawa ang Diyos at Ama ng ating Panginoong Jesucristo…"*

> **2 Mga Taga Corinto 11:31** *"Ang Diyos at Ama ng Panginoong Jesus…"*

> **Juan 20:17** *"...Huwag mo akong hipuin; sapagka't hindi pa ako nakakaakyat sa Ama, nguni't pumaroon ka sa aking mga kapatid, at sabihin mo sa kanila, Aakyat ako sa* ***aking Ama at inyong Ama****, at* ***aking Diyos at inyong Diyos****."*

> **Mark 15:34** *"****Diyos ko, Diyos ko****, bakit mo ako pinabayaan?"*

**Apocalipsis 3:12** *"Ang magtagumpay, ay gagawin kong haligi sa templo ng* ***aking Diyos****, at hindi na siya'y lalabas pa doon: at isusulat ko sa kaniya ang pangalan ng aking Diyos, at ang pangalan ng bayan ng* ***aking Diyos****, ang bagong Jerusalem, na mananaog buhat sa langit mula sa* ***aking Diyos.****.."*

Ang mga talatang ito ay malinaw na nagsasabi sa atin ng gayunding pananaw tulad ng mga naunang pahayag - na **ang lahat ng mga bagay ay nagmula sa Ama. Ang Ama ang tunay na Diyos ng Langit at Si Jesus, Ang Anak, ang sakdal na larawan ng Ama, ay kinikilala ang katotohanang ito.**

Sinasabi ng Kasulatan na bagaman ang Anak ay bumabahagi ng pagkakapantay sa likas, kaluwalhatian at karangalan kasama ng Ama, ang katangiang ito ng Kadiyusan ay minana buhat sa Ama. **Sa kadahilanang ito ang Kasulatan ay nagpapakita na ang Anak ay palaging nagpapasakop sa Ama.**

**Juan 14:28** *"Narinig ninyo kung paanong sinabi ko sa inyo, Papanaw ako, at paririto ako sa inyo. Kung ako'y inyong iniibig, kayo'y mangagagalak, dahil sa ako'y pasasa Ama: sapagka't ang Ama ay* ***lalong dakila*** *kay sa akin."*

Ang talatang ito ay dating nakakalito sa aking isipan dahil alam naman natin na ang Ama at Anak ay pantay sa kapangyarihan at kapamahalaan. Ang aking suliranin ay nalutas nang aking matagpuan ang salitang Griyego sa '**lalong dakila'** ay "meizon" **na nangangahulugang mas matanda o higit.**

**1 Mga Taga Corinto 11:3** *"Datapuwa't ibig ko na inyong maalaman, na ang pangulo ng bawa't lalake ay si Cristo, at ang pangulo ng babae ay ang lalake, at ang* ***pangulo ni Cristo ay ang Diyos****."*

**Hebreo 1:8,9** *Nguni't tungkol sa Anak ay sinasabi, Ang iyong luklukan,* ***O Diyos****, ay magpakailan man… Kaya't* ***Diyos****,* ***ang Diyos mo****, ay nagbuhos sa inyo, Ng langis ng kasayahang higit sa iyong mga kasamahan ..."*

**Tinawag ng Ama ang Anak na Diyos**. Ating ipinahayag na si Jesus ay talagang Diyos sapagkat Siya ay nanggaling mismo sa persona ng Diyos. Kaya't siya ay nagtataglay ng mga pangalan at katangian ng kanyang Ama sa pamamagitan ng mana. Pansinin ding tinawag ng Diyos ang Kanyang sarili na Diyos ng Anak. Subalit, dahil si Jesus ay talagang Diyos, Siya ay marapat na sambahin gaya ng Ama. ***"At sambahin siya ng lahat ng mga anghel ng Diyos"*** Hebreo 1:6

**Juan 5:22,23** *Sapagka't ang Ama'y hindi humahatol sa kanino mang tao, kundi ipinagkaloob niya sa Anak ang buong paghatol;* ***Upang papurihan ng lahat ang Anak, na gaya rin ng kanilang pagpapapuri sa Ama. Ang hindi nagpapapuri sa Anak ay hindi nagpapapuri sa Ama na sa kaniya'y nagsugo****.*

**1 Mga Taga Corinto 15:23-28** *"Datapuwa't ang bawa't isa'y sa kaniyang sariling katayuan; si Cristo ang pangunahing bunga; pagkatapos ay ang mga kay Cristo, sa kaniyang pagparito. Kung magkagayo'y darating ang wakas, pagka ibibigay na niya ang kaharian sa Diyos, sa makatuwid baga'y sa Ama; …Sapagka't kinakailangang siya'y maghari hanggang mailagay niya sa ilalim ng kaniyang mga talampakan ang lahat niyang mga kaaway… At kung ang lahat ng mga bagay ay mapasailalim na sa kaniya,* ***kung magkagayo'y ang Anak rin ay pasasailalim naman sa nagbigay ng lahat ng mga bagay sa kaniya, upang ang Diyos ay maging lahat sa lahat."***

Kahit pa ang Anak dahil sa kanyang kapanganakan at sa deklarasyon ng Ama ay karapatdapat sambahin at papurihan at parangalan, Siya mismo ay ***"pasasailalim naman sa nagbigay ng lahat ng mga bagay sa kaniya".***

# Espiritu ng Propesiya at Ang Anak ng Diyos

Sa korte ng Kalangitan, Si Ellen White ay nagbigay ng malinaw na paglalarawan ng kalagayan ni Cristo. Ating mababasa:

> "Ipinatawag ng Hari ang buong sansinukob, ang buong hukbo ng langit sa harapan Niya, upang sa kanilang harapan ay maipahayag Niya **ang tunay na kalagayan ng Kaniyang Anak at ang Kaniyang relasyong pinananatili sa lahat ng nilalang.** Ang Anak ng Diyos ay kabahagi sa luklukan ng Ama, at ang kaluwalhatian ng **Walang-hanggan, at Isang nabubuhay sa Kaniyang sarili, ang nakabalot sa kanilang dalawa**. Sa paligid ng luklukan ay natipon ang mga banal na anghel, lubhang karamihang hindi mabilang... Sa harap ng mga natipong naninirahan sa langit **inihayag ng Hari na walang iba liban kay Kristo, <u>ang tanging isinilang ng Diyos</u>, ang ganap na makakapasok sa Kanyang mga layunin, at sa Kanya ipinagkaloob ang pagsasakatuparan ng makapangyarihang payo ng Kanyang kalooban…** Si Kristo ay gagamit pa rin ng banal na kapangyarihan, sa paglalang sa sanlibutan at sa mga maninirahan doon. Subalit sa lahat ng mga ito ay hindi Niya hahanapin ang kapangyarihan o ang pagpaparangal sa sarili laban sa panukala ng Diyos, sa halip ay itatanyag ang kaluwalhatian ng Ama, at isasakatuparan ang Kanyang mga layunin ng pagpapala at pagmamahal. (*Patriarchs and Prophets*, p.36)

Ating nasaksihan ang ilang makatawag pansing impormasyon dito. Una ating nakita na ang walang hanggan, Isang nabubuhay sa Kaniyang sarili ay ang Ama. Pansinin ding si Jesus ay Anak na ng Diyos sa Langit at **Siya lamang** ang persona na maaaring makapasok sa mga layunin plano ng Diyos. Ang pananaw na ito ay kasang-ayon sa ibang mga talata na kaniyang sinaysay tungkol sa **dalawang Banal na Persona** na kabilang sa plano ng pagtubos at marapat na sambahin at papurihan. Pansinin ang sumusunod na talata:

> "**Ang bukod tanging persona na kaisa sa Diyos** ay namuhay sa kautusan ng sangkatauhan, nagpakababa't namuhay ng pangkaraniwang manggagawa, napapagal sa pag aanluwagi kasama ang kanyang mga magulang." (*That I May Know Him*, p.363)

> "Hayaang ang huwarang halimbawa ng sanlibutan na ating nakita ay maging ating halimbawa sa halip na ang mga dakila at tanyag na mga mangangaral ng ating kapanahunan, na hindi nakakakilala sa Diyos, maging si Jesucristo na Kaniyang

> isinugo. **Ang Ama at Anak lamang ang nararapat luwalhatiin.**" (*The Youth's Instructor*, July 7, 1898)

> "Si Kristo, ang Verbo, **ang nag-iisang isinilang ng Diyos, ay kaisa ng walang hanggang Ama**—kaisa sa likas, sa ugali, at sa layunin—**ang bukod tanging personang nakakapasok sa lahat ng payo at mga layunin ng Diyos**… May isang nagsamantala sa kalayaang ibinigay ng Diyos sa Kanyang nilikha... At pinagnasaang makuha **ang kaluwalhatiang iniukol ng walang-hanggang Ama sa Kanyang Anak, ang prinsipeng ito ng mga anghel ay nagnasa ng kapangyarihang nauukol lamang kay Kristo."** (*Patriarchs and Prophets*. Pp.34, 35) Tingnan din sa GC p.493

> "Bago pa man natatag ang patibayan ng lupa, **ang Ama at ang Anak** ay nagkasundo sa isang tipanan para tubusin ang mga tao … **Ang bisig ng Ama ay yumakap sa Kanyang Anak,** at ang salita ay ipinahayag, **"Sambahin Siya ng lahat ng mga anghel."** (*Desire of Ages*, p.834)

Pansining mayroon lamang dalawang makaDiyos na persona na gumawa ng plano ng pagtubos. Zek. 6:12, 13 matagal ng panahon na sinasabi ito.

> *"...Narito, ang lalake na ang pangala'y SANGA: at siya'y sisibol sa kaniyang dako; at itatayo niya ang templo ng PANGINOON; Sa makatuwid baga'y kaniyang itatayo ang templo ng PANGINOON; at siya'y magtataglay ng kaluwakaniyang luklukan:* ***at ang payo ng kapayapaan ay mapapasa pagitan nila kapuwa****."*

Mayroon lamang dalawa sa payo ng kapayapaan, ang Ama at ang Anak.

Ano pa ang iba nating matututunan tungkol kay Cristo?

"Si Cristo ang ating halimbawa. Siya ay **sunod sa Diyos sa mga makalangit na korte."** (*Notebook Leaflets Vol.1*, p. 114)

"Ang ating Huwaran ay **itinaas na maging kapantay ng Dios**". (Testimonies Vol. 2, p.426)

"…Hebrew 1:1-5. **Ang Diyos ay Ama ni Cristo; si Cristo ay Anak ng Diyos**. Kay Cristo **ipinagkaloob ang dakilang kalagayan**. **Siya ay ginawang kapantay ng Ama.** Ang lahat ng kalooban ng Diyos ay bukas sa Kanyang Anak." (*Testimonies Vol. 8*, p.268)

> "Ang Anak ng Diyos ay **sunod sa kapamahalaan ng Dakilang Tagapagbigay-utos.**" (*The Spirit of Prophecy Vol. 2* p. 9)

> "Tinipon ng dakilang Manlalalang ang mga naninirahan sa langit, upang sa harapan ng lahat na mga anghel ay magbigay ng natatanging karangalan sa Kanyang Anak. Ang Anak ay nakaupo sa trono kasama ng Ama, at ang pulutong ng mga banal na anghel ay nagkakatipon sa paligid nila. Ipinahayag ng Ama na Kanyang minarapat na si **Cristo, ang Kaniyang Anak, ay maging kapantay Niya; kaya kung saanmang dako naroon ang presensya ng Kanyang Anak, ito ay kahalintulad ng kaniyang presensya. Ang salita ng Kanyang Anak ay nararapat sundin katulad ng salita ng Ama."** (*The Story of Redemption*, p. 13)

> "**Ang Manunubos ng sanlibutan ay kapantay ng Diyos**. Ang Kanyang kapamahalaan ay gaya ng kapamahalaan ng Diyos. **Kaniyang ipinahayag na siya ay walang hiwalay na paglitaw sa Ama**… Siya ay sakdal na nakaugay sa Ama, lubos na nababalutan ng Kanyang pumapaikot na liwanag, na kung sino ang makakita sa Anak ay nakakita sa Ama, **Ang kaniyang tinig ay gaya ng tinig ng Diyos**." (*Bible Commentary Vol. 5* p. 1142)

Ang komento ni Ellen White ay kaisa sa sinasabi ng Kasulatan. Ang Ama ay nagkaloob sa Kanyang Anak na maging kapantay ng kaniyang sarili. Ang Ama bilang una, ay syang pinanggagalingan ng lahat. Subalit sa Anak, Siya ay nagbigay ng pagkakapanatay at kapangyarihan at kapamahalaan. Ang kanyang tinig ay mismong tinig ng Diyos. Ang kanyang buhay ay mismong buhay ng Diyos, ang Ama.

> "Ang walang hanggang Ama, ang hindi nagbabago, ay nagkaloob ng **Kanyang isinilang na Anak, pinunit mula sa kanyang dibdib na siyang ginawang hayag na larawan ng kanyang persona,** at isinugo sa lupa upang ihayag ang kadakilaan ng kaniyang pag-ibig sa sangkatauhan." (*Review & Herald*, July 9, 1895)

> "Sa kanyang pagkatao Siya ay nakikibahagi ng makaDiyos na likas. Sa kanyang pagkasilang sa lupa, **Siya ay tumanggap ng panibagong diwa ng titulong Anak ng Diyos**." (*Bible Commentary Vol. 5*, p. 1114)

> "Ang sakdal na handog ay naganap; sapagkat gayon na lamang ang pagsinta ng Diyos sa sanlibutan na ibinigay niya ang kaniyang nag-iisang isinilang na Anak (only-begotten Son),"—**hindi anak sa paglalang, tulad ng mga anghel, o anak sa pag-aampon, tulad ng mga makasalanang pinatawad, sa halip Anak na isinilang bilang tunay na larawan ng kaniyang PagkaDiyos, at lahat ng kaningningan ng kaniyang kasakdalan at kaluwalhatian,** isang kapantay ng Diyos sa kapamahalaan, karangalan, at MakaDiyos na kasakdalan." (*Signs of the Times*, May 30, 1895)

Paulit-ulit na pinatutunayan ni Ellen White na si Jesus ay tunay na Anak ng Diyos. **Hindi ito papel na ginampanan lamang**. Si Jesus ay Anak na isinilang ng Diyos sa Langit bago pa man siya pumarito sa lupa upang mamatay para sa iyo at sa akin. Pansinin ang kanyang sinabi na sa Kanyang pagkasilang bilang tao, Siya ay tumanggap ng **panibagong kahulugan** ng titulong Anak ng Diyos. **Ito ay sa dahilang Siya ay dati ng Anak ng Diyos bago pa man Siya isilang** sa sanlibutan. Ang katuruan ng Trinidad ay **sinasabing naging Anak lamang si Cristo sa panahong Siya ay isinilang dito sa lupa**. Ang katuruan ng Kasulatan at Espiritu ng Propesiya ay hindi sumusuporta sa haka-hakang ito.

**O anong maluwalhating katotohanan!** Isinugo ng Diyos ang Kaniyang Anak sa lupa sapagkat hangad Niyang ibigay ang Kaniyang sarili upang iligtas ang sangkatauhan. O kahangahangang pagibig ng Ama at Anak para sa atin.

# Mga Sinaunang Adventista

Ngayong ating natunghayan ang mga Kasulatan at ang Espiritu ng Propesiya tungkol sa Anak ng Diyos, atin naman ngayong tunghayan ang mga pahayag ng sinaunang Adventista tungkol sa Anak ng Diyos.

> "Ang Ama **ang pinakadakila sapagkat siya ang nauna. Ang Anak ay kasunod sa kapamahalaan sapagkat Siya ay pinagkalooban ng lahat ng bagay.**" (James White, *Review & Herald*, Jan. 4, 1881)

At sa tungkol sa Anak ng Diyos, Siya rin ay hindi makasasali, sapagkat Siya'y may Diyos na Kanyang Ama, at nangyaring, **sa isang bahagi ng walang hanggan sa nakaraan, ay may araw ng pasimula**." (J. N. Andrews, *Review & Herald*, Sept. 7, 1869)

"Ang Salitang yaon ay si Cristo. Ang talata ay tumutukoy sa kanyang pinagmulan. Siya ang kaisa isang isinilang ng Ama. At kung paano Siya lumitaw ay hindi na ipinaalam sa atin ng Banal na Kasulatan; ngunit sa pahayag na ito at ilang mga magkakatulad na talata sa Kasulatan ay ating mapaniniwalaang si Cristo ay may paglitaw sa kaparaanang kakaiba kumpara sa kung paano lumitaw ang ibang nilalang. Na siya ay lumabas sa persona ng Ama sa kaparaanang hindi na mahalaga para sa atin na malaman pa." (C.W Stone, *The Captain of our Salvation*, p.17 1886)

"Ang Salita ay "ang pasimula." Ang kaisipan ng tao ay hindi maaabot ang panahong na nakapaloob sa pangungusap na ito. Hindi ipinagkaloob na malaman ng tao kung kailan at kung paanong ang Anak ay isinilang; subalit alam nating Siya ang Banal na Salita, hindi lamang noong Siya ay pumarito sa lupa para mamatay, subalit bago pa lalangin ang sanlibutan… Micah 5:2, margin. Alam natin na si Cristo ay **"nagmula at nanggaling sa Diyos"** (Juan 8:42), **ngunit ito ay napakatagal ng panahon sa walang hanggan na higit pa sa kayang abutin ng kaisipan ng tao**." (E, J Waggoner, *Christ and His Righteousness*, p. 9)

"Siya ay ipinanganak ng Banal na Espiritu. Sa ibang salita, si Jesucristo ay **ipinanganak muli**. Siya ay nagmula sa langit, **Panganay ng Diyos, patungo sa lupa, at ipinanganak muli.**" (A.T. Jones, *Review & Herald*, Aug. 1, 1899)

**Ang ilang mga pahayag na ito mula sa mga sinaunang Adventista** ay nagbibigay sa atin ng magandang ideya ng pagiisip ng iglesia sa pasimula. Pansining sila ay **hindi naniniwala na si Jesus ay nilalang, kundi isinilang na Anak**. Maraming nagsasabi na ito ay parehas lamang—isinilang at nilalang. Subalit, ang mga sinaunang mananampalataya ay hindi sang-ayon dito. Ang paglalang ng isang bagay mula sa wala, o mula sa ibang sangkap, ay may **malayong pagkakaibang uri** ng pag-iisip sa halip na maniwalang si Jesus ay nagmula sa mismong sangkap ng Ama, ang isinilang na Anak. Sa katunayan, E. J Waggoner ay naglatag ng napakahabang

paliwaang sa kanyang aklat na *“Christ and His Righteousness”* (Si Cristo at ang Kaniyang Katwiran) **upang ipakita ang kamalian ng pananaw na si Cristo ay nilalang lamang.**

> Bago tayo dumako sa ilang mga praktikal na aral na ating matututunan mula sa katotohanang ito, kailangan nating pag-usapang saglit ang mga opinyong tapat na pinanghahawakan ng marami at hindi sasadyaing ipahiya si Cristo, ngunit sa pamamagitan ng gayung opinyon ay tinatanggihan ang Kanyang Kadiyusan. Ito ang ideya na si Cristo ay nilalang lamang, na sa pamamagitan ng kabutihan ng Diyos ay itinaas sa kanyang kasalukuyang mataas na posisyon. **Walang sinumang humahawak sa ganitong pananaw ang magkakaroon ng makatarungang konsepto ng itinaas na posisyon na tunay pinanghahawakan ni Cristo.”** (E. J Waggoner, *Christ and His Righteousness, p.19,20*)

**Ang mga sinaunang Adventista ay naniniwala na sa isang bahagi ng nakalipas na walang hanggan nagsilang ng Anak ang Ama.** Hindi ipinahayag ng Kasulatan kung paano ito nangyari ngunit malinaw na sinasabi sa atin na ang Ama ay may isinilang na Anak. Ang Anak na ito ay hindi nilalang tulad ng mga anghel, subalit Anak na isinilang buhat sa mismong pagka-Diyos ng Ama at tunay na larawan ng Kanyang pagka-Diyos. Ang Anak ay kagayang kagaya ng Ama. Sila ay naniniwala na si Jesus ay literal na Anak ng Diyos. Naniniwala sila na sa pamamagitan ng Kanyang kapanganakan at karapatan bilang tagapagmana, ipinagkaloob kay Jesus ang **lahat ng mga bagay** mula sa Ama: ang Kaniyang kapangyarihan, kapamahalaan, mga pangalan, lahat ng mga bagay. Siya, bilang Anak ng Diyos, ay tunay na **Diyos at nagtataglay ng lahat ng katangian ng Diyos Ama.** Sila ay naniniwalang nang sinabi ng Diyos na isinugo niya ang Kaniyang Anak upang mamatay para sa atin, ito ay tunay! **Tunay** na isinugo ng Diyos ang kaniyang **nag-iisang isinilang na Anak upang mamatay para sa iyo at sa akin**. Hindi nila ninanais gawing talinhaga ang tunay na relasyong Ama-Anak, ng Diyos Ama at ni Jesus na Anak. Si Jesus ay **hindi** mababang uri ng Diyos. Siya ang Diyos na nahayag sa atin! Ang katuruan ng Trinidad ay tinatanggihan ang tunay na relasyong Ama-Anak ni Jesus at ng Ama. At madali mong masasabi na sa kabuuhan ang posisyong pinanghawakan ng mga sinaunang Adventista ay sang-ayon sa mga Kasulatan at sa Espiritu ng Propesiya. Kung kayo ay may iba pang pag-aalinlangan sa pagiging

Anak ni Cristo sa Langit bago pa ang kanyang paglitaw sa lupa, gumugol ng pagbabasa sa *The Story of Redemption* sa kapitulo 1-5. Doon mo matatagpuan ang napakagandang kasaysayan ng plano ng pagtubos at ang relasyon na umiiral sa pagitan ni Jesus at ng Ama.

# Anticristo

Sa Mateo. 16:13-17 may mahalagang pag-uusap sa pagitan ni Jesus at ng mga alagad. Sabi ni Jesus, "*Ano baga ang sabi ng mga tao kung sino Ako, ang Anak ng tao?*" Kaya nga ang mga alagad ay nagbigay ng iba't ibang kasagutan gaya ng Elias at Jeremias. Ngunit sinabi ni Jesus, "*sino naman ako para sa* ***inyo***?" Ang sagot ni Pedro ay tumpak. Sinabi niya, ***"Ikaw ang Cristo, Ang Anak ng Diyos na buhay."*** Pinagtibay ni Jesus ang sagot ni Pedro, *"Mapalad ka, Simon Bar-Jonas: sapagka't hindi ito ipinahayag sa iyo ng laman at ng dugo, kundi ng aking Ama na nasa langit."* **Batid ni Pedro na si Jesus ay Anak ng Diyos!**

Batay sa kaisipang iyan, ating tingnan saglit ang tinuturo ng Kasulatan tungkol sa anticristo.

> **1 Juan 2:22** *"Sino ang sinungaling kundi ang tumatanggi na si Jesus ay siyang Cristo?* ***Ito ang anticristo, sa makatuwid ay ang tumatanggi sa Ama at sa Anak****."*

Ang talatang ito ay nagsasabi sa atin na ang anticristo ay tumatanggi sa Ama at Anak. Tayo bilang iglesia ay nagturo sa mahabang panahon na ang sistemang Katoliko ay ang kapangyarihan ng anticristo. Subalit, hindi ba nila itinuturo na si Jesus ay Anak ng Diyos? Hindi ba nila inihahayag ang kanilang paniniwala sa Ama at Anak? Oo, inihahayag nila. Paano naman na ang pananampalatayang Katoliko ay naaangkop sa paglalarawang ito? Hindi kaya sa pamamagitan ng katuruan ng Trinidad ito ay nakamit? **Alalahanin, ang katuruang Trinidad**, ay nagsasabi sa ating si Jesus ay hindi tunay na Anak ng Diyos sa langit bago ang pagparito niya sa lupa, ngunit sa kadahilanan lamang ng kanyang kapanganakan sa Betlehem. Si Jesus, ayon sa katuruang ito ay Diyos na **gumaganap ng tungkulin bilang Anak**.

Itinatanggi nito ang mismong puso ng mensahe ng Ebanghelyo na isinugo ng Diyos ang Kaniyang Anak upang mamatay para sa iyo at sa akin.

Ang katuruang Trinidad ay nagpasimula sa **Konseho ng Nicea noong 325 A.D**. Alalahanin ding ang katuruang ito ay **pangunahing doktrina** ng Katolisismo, na kung saan ang bawat mga maling katuruan ay nakabatay.

Nagkataon lamang ba na sinang-ayunan ni Jesus ang pahayag ni Pedro na Siya ay Anak ng Diyos at ang pagpapatunay sa katotohanang Siya'y magtatayo ng kanyang iglesia sa matatag na pundasyong iyon? Mat 16:18,19 A*t sinasabi ko naman sa iyo, na ikaw ay Pedro, at sa ibabaw ng batong ito ay itatayo ko ang aking iglesia; at ang mga pintuan ng Hades ay hindi magsisipanaig laban sa kaniya. Ibibigay ko sa iyo ang mga susi ng kaharian ng langit…"* Mat. 16:18, 19 Ito mismo ang mga talatang binaluktot ng simbahang Romano Katoliko upang magtayo sa ibang pundasyon- ang papa.

**Ang paniniwalang si Jesus ang literal na Anak ng Diyos ay ang pinakapuso ng ebanghelyo.** Kapag tinanggal ang pundasyon ang gusali ay maguguho. May ilang mga tao ang nagpakita na ang **ating iglesia ay lumipat sa katuruang Trinidad bilang "katapusan ng pagtalikod" (Omega of Apostasy) na ibinabala ni Ellen White sa atin.** Ang Alpa (panimula) ay may kinalaman sa personalidad ng Diyos. Ang Omega din kaya? (1 SM 203, 204) Hindi kaya ang paglilipat ng ating posisyon, sa pagbabago ng pundasyon na kung saan tayo ngayon ay nagtatayo, ang ating nakikita na maaaring dahilan na ang ating malaking kaibahan bilang bayan ay nawawala na? Mahalagang tandaan ang pahayag ni Ellen White tungkol sa "katapusan ng pagtalikod" (Omega of Apostasy).

> “Nasa harapan natin ang pasimula (alpha) ng panganib na ito. Ang katapusan (Omega) ay may pinaka-nakakamanghang likas. **Kailangan nating pag-aralan ang mga salitang winika ni Cristo sa Kanyang panalangin nang Kanyang inialay ang Kanyang paghihirap at pagkakapako sa krus.** *“Ang mga bagay na ito ay sinalita ni Jesus; at sa pagtingala ng kaniyang mga mata sa langit, ay sinabi niya, Ama, dumating na ang oras; luwalhatiin mo ang iyong Anak, upang ikaw ay luwalhatiin ng Anak: Gaya ng ibinigay mo sa kaniya ang kapamahalaan sa lahat ng laman, upang bigyan niya ng buhay na walang hanggan ang lahat ng ibinigay mo sa kaniya.* ***At ito ang buhay na walang hanggan, na ikaw ay makilala nila na iisang Diyos na tunay, at siyang iyong sinugo, sa makatuwid baga'y si Jesucristo.”*** (*Selected Messages Book 1*, p. 197)

**Bakit, sa lahat ng mga talata na maaaring ibahagi sa atin ni Ellen White upang makapaghanda sa “katapusan ng pagtalikod” (Omega of Apostasy),** ay pinili niya ang pinakamalinaw na nagsasabi sa ating si Jesus ay ang mismong Anak ng Diyos; ang talata ay **malinaw** ring nagsasabing mayroon lamang **isang tunay na Diyos**, at ang buhay na walang hanggan ay ang pagkakilala sa Kaniya, at pagkilala sa Kanyang Anak na isinugo? Ako ay naniniwala na ito ay hindi nagkataon lamang. Ang Propetisa, sa ilalim ng inspirasyon ng Espiritu ng Diyos ay sinusubukang babalaan tayo na ang iglesiang nalabi ng Diyos ay tunay na mawawala sa mismong pundasyon na kung saan tayo natatag at lalakad sa pananaw na inaakala lamang kung sino ang Diyos. Tayo ba ay lumipat sa pundasyong buhanginan ng kamalian, at ang gusali ba ay gumuguho na?

# Ang Banal na Espiritu

**Kung may iisang Diyos lamang,** isang walang hanggang Kataastaasan ng sansinukob; at kung si Jesucristo ay ang Anak ng Diyos, ang hayag na larawan ng Ama, isang kapantay sa kapangyarihan at kapamahalaan Niya, **sino naman ang Banal na Espiritu?**

Habang ating pinag-aaralan ang Banal na Kasulatan tayo ay makakasumpong ng ilang mahahalagang bagay. Ang Biblia ay **hindi kailanman** gumamit ng katagang "Diyos Espiritu" na siya nating kinikilala bilang Banal na Espiritu sa ating mga aral ngayon. Ang mga kataga tulad ng "Espiritu ng Diyos", "Ang Espiritu ng Diyos", ang "Espiritu ni Cristo", ang "Banal na Espiritu" ang siyang ginagamit. Ating makikita na ito ay magiging napakahalagang obserbasyon. Pansinin ding ang Biblia kailanman ay hindi nagsabing **'manalangin sa'** Banal na Espiritu o **'sambahin'** ang Espiritu. Ating makikita na may magandang dahilan para dito.

Ang mga sinaunang Adventista ay nagturo na ang Banal na Espiritu ay ang personal na presensya ng Diyos sa atin, ang Kanyang personalidad. Sila rin naman ay naniniwala na ang Espiritu ay tinatawag sa katagang 'persona' sa kadahilang ito ay **ang personalidad** ng Ama at Anak sa atin subalit **hindi kailanman** ang Banal na Espiritu ay ipinalagay na **hiwalay at ibang indibidwal** sa Ama at Anak. Atin ng napatunayan ang katotohanang mayroon lamang **dalawang Banal na persona** (beings) na marapat nating sambahin at papurihan! Kaya mauunawaan nating hindi Siya nagsugo ng ibang persona sa atin kundi isinugo Niya ang **Kanyang sarili**.

Ating tingnan kung ang pananaw na ito ng mga sinaunang Adventista ay kasang-ayon sa Banal na Kasulatan at Espiritu ng Propesiya.

> **Efeso 4:4** *"May isang katawan, at isang Espiritu…"*
>
> **Juan 14:16** *At ako'y dadalangin sa Ama, at kayo'y bibigyan niya ng **ibang Mangaaliw**, upang siyang suma inyo magpakailan man, Sa makatuwid baga'y ang Espiritu ng katotohanan: na hindi matatanggap ng sanglibutan; sapagka't hindi nito siya nakikita, ni nakikilala man siya: **subalit siya'y nakikilala ninyo**; **sapagka't siya'y tumatahan sa inyo, at sasa inyo.** Hindi ko kayo iiwang magisa: **ako'y paririto sa inyo."***

Ano ang sinasabi ni Jesus dito? Malinaw na sinasabi Niya sa mga alagad na hindi Niya sila iiwang walang kasama. Siya ay muling babalik sa kanila; **Siya ang ibang Mang-aaliw na paroroon sa kanila**. Sa pamamagitan ng Kaniyang Espiritu **Siya ay paroroon sa kanila.** Hindi ibang indibidwal na Diyos ang paroroon sa kanila, Siya mismo ang Tagapagligtas.

Nakita ninyo, mayroon lamang **iisang Espiritu** ang sinasabi sa atin ng Kasulatan sa Efeso. Na ang Espiritu ay mismong buhay ng Diyos, ang Ama. Sa kadahilanang si Jesus ay ang mismong esensya ng Ama, Sila rin naman ay nagbabahagi ng gayunding Espiritu. At ang Espiritung yaon ang siya ring ipinagkaloob sa atin ni Cristo.

Mahalagang bigyang pansin na ang salitang Griyego ng **"Mang-aaliw"** at ng **"Tagapagtanggol"** ay magkatulad na salita. Sa Juan 14:16 sinasabi ritong *"At ako'y dadalangin sa Ama, at kayo'y bibigyan niya ng ibang Mangaaliw…"*

**Mangaaliw = Paralektos** **Bigyang Pansin: tumutukoy sa ibang Mang aaliw**

> **1 Juan 2:1** *"Mumunti kong mga anak, ang mga bagay na ito ay isinusulat ko sa inyo upang kayo'y huwag mangagkasala. At kung ang sinoman ay magkasala, ay* ***may Tagapamagitan tayo sa Ama, si Jesucristo ang matuwid:"***

**Tagapagtanggol = Paralektos** **Bigyang Pansin: Si Jesus ay ating Tagapagtanggol**

Ang punto dito ay malinaw na sinasabi na si Jesus ay ang ibang Mang aaliw

May mga ilang nagsasabing si Jesus ang **"Mang aaliw**" at ang "Banal na Espiritu ay ang **"ibang Mang aaliw"**, bukod-tangi at ibang persona. Ngunit ito ay nangangahulugang mayroong dalawang mang aaliw, hindi isa. Ang Kasulatan ay **hindi nagsasabing si Jesus ay nagsugo ng ibang Espiritu sa atin. Siya lamang ang Mang aaliw.**

> **Juan 15:26** *"Datapuwa't pagparito ng Mangaaliw, na aking susuguin sa inyo* ***mula sa Ama****, sa makatuwid baga'y ang Espiritu ng katotohanan, na* ***nagbubuhat sa Ama,*** *ay siyang magpapatotoo sa akin"*

> **Hebreo 1:9** *"…Kaya't Diyos, ang Diyos mo, ay nagbuhos sa inyo, Ng langis ng kasayahang higit sa iyong mga kasamahan.*

(Ang Langis ay kumakatawan sa Banal na Espiritu-ang Anak ay nagtataglay ng gayunding Espiritu na katulad ng sa Ama).

**Juan 5:26***"Sapagka't kung paanong ang Ama ay may buhay sa kaniyang sarili, ay gayon din namang* ***pinagkalooban*** *niya ang Anak na magkaroon ng buhay sa kaniyang sarili;"*

Ang Ama at Anak ay nagbabahagi ng magkatulad na Espiritu.

**Mga Taga Galatia 4:6** *"At sapagka't kayo'y mga anak, ay* ***sinugo ng Diyos ang Espiritu ng kaniyang Anak*** *sa ating mga puso, na sumisigaw, Abba, Ama."*

**Mga Taga Roma 8:9** *Datapuwa't kayo'y wala sa laman kundi nasa sa Espiritu, kung gayo'y* ***tumitira sa inyo ang Espiritu ng Diyos. Datapuwa't kung ang sinoma'y walang Espiritu ni Cristo****, siya'y hindi sa kaniya."*

Pansining ang Espiritu ng Ama at ng Anak ay ginamit ng salitan. Ito ay sa kadahilanang mayroon **lamang iisang Espiritu na kanilang pinagsasaluhan. At sa katotohanang iyan ay may napakagandang karunungan na si Cristo ang siyang paririto upang tayo naman ay aliwin.**

May iisang Espiritu – **Efeso 4:4**
Ang Mang aaliw ay ang Espiritu – **Juan 14:26**
Ang Espiritu ay ang Panginoon – **2 Cor. 3:17, 18**
Ang Panginoon ay si Jesus – **1 Cor. 8:6**

**Juan 17:21***"Upang silang lahat ay maging isa; na gaya* ***mo, Ama, sa akin****, at* ***ako'y sa iyo****, na sila nama'y suma atin: upang ang sanglibutan ay sumampalataya na ako'y sinugo mo."*

Paanong si Jesus at ang Ama ay **"nasa"** isa't isa? Ito ay dahil sa sila ay magkasalo sa iisang Espiritu.

**Juan 10:30** *"Ako at ang Ama ay iisa."*
Paano sila naging isa? Iisang persona ba Sila? Hindi, Sila ay isa sapagkat sila'y nagbabahagi ng iisang Espiritu.

**Apok. 3:20***"Narito ako'y nakatayo sa pintuan at tumutuktok: kung ang sinoman ay duminig ng aking tinig at magbukas ng pinto,* ***ako'y papasok sa kaniya****, at hahapong kasalo niya, at siya'y kasalo ko*."

**Mat 28:20** "…*at narito,**ako'y sumasa inyong palagi**, hanggang sa katapusan ng sanglibutan. Amen*."

**Heb 2:18** *"Palibhasa'y nagbata siya sa pagkatukso, **siya'y makasasaklolo** sa mga tinutukso*."

**Col 1:27**"… *naito'y **si Cristo na nasa inyo**, na pagasa ninyo sa kaluwalhatian."*

**Tandaan: Ang si Cristo ay mahubog sa ating kalooban ang siyang pinakamensahe ng ebanghelyo.**

Paulit ulit na sinasabi sa atin ni Cristo na **Siya mismo** ang paririto at mananahan sa atin. Siya ang paririto upang tayo ay tulungan sa tuwing kinakailangan natin Siya at Siya ang mananahanang kasama natin. Ang Kasulatan ay hindi nagsasabing **may ibang personang liban kay Cristo, ang Banal na Espiritu**, na kikilos at mananahanan upang tayo ay aliwin at bigyan ng kalakasan upang paglabanan ang mga tukso. **Si Cristo mismo ang gaganap ng mga bagay na ito para sa atin. Ito ay sa pamamagitan ng *Kanyang* Espiritu, ang Espiritu na binabahagi nila ng Ama** upang ang gawaing ito ay maganap. **Walang ibang pumapagitan!!!**

# Ang Espiritu ng Propesiya

**Sumasang ayon kaya si Ellen White** sa ating mga natuklasan sa Kasulatan? Sa tuwing mapag-uusapan ang Banal na Espiritu hindi maiiwasan na ang mga tao ay sumangguni sa aklat na *Evangelism* at kumuha ng mga ilang pangungusap na ginawa ni Ellen White tungkol sa Banal na Espiritu bilang 3rd persona ng Kadiyusan . Ang kanilang agarang tugon ay **nagpapatunay** ito na may Trinidad. Alalahanin natin na kailangan nating tingnan ang buong nakasulat bago natin maintindihan kung ano ba talaga ang pinaniniwalaan ng may akda sa paksang ito. Ako ay naniniwala na kapag ito ay ating ginawa ating makikita **na siya ay lubos na kasang-ayon sa Banal na Kasulatan at sa mga pangunahing kapatiran ng pananampalatayang Adventista**.

"Ang Banal na Espiritu ay kinatawan ni Cristo, ngunit **tinanggalan ng personalidad ng pagkatao, at hindi nakadepende doon**. Nababalot ng pagiging

tao, Si Cristo ay hindi personal na makaparoroon sa lahat ng dako. Kaya nga ito ay para sa kanilang kapakinabangan na Siya ay pumaroon sa Kaniyang Ama, at isusugo ang Espiritu bilang kahalili sa lupa … Sa pamamagitan ng Espiritu **ang Tagapagligtas ay maaaring makasalamuha ng lahat. Sa ganitong paraan, Siya ay mas malapit sa kanila kaysa noong Siya ay hindi pa umaakyat sa itaas**.” (*Desire of Ages*, p. 669. 1898 edition)

Nababalutan ng pagkatao, **Si Cristo** ay hindi personal na makaparoroon sa lahat ng dako. Kaya nga ito ay para sa kanilang pakinabang na Siya ay paroroon sa Kaniyang Ama, at isusugo ang Espiritu bilang kahalili sa lupa. **Ang Banal na Espiritu ay Siya mismo na tinanggalan ng personalidad ng sangkatauhan at hindi nakadepende doon. Kaniyang kakatawan ang Kanyang sarili bilang presente sa lahat ng dako sa pamamagitan ng Kanyang Banal na Espiritu, bilang nasa lahat ng dako *(Omnipresent)***.”(*Manuscript Release*, No. 1084)

Pansinin na sa dalawang talatang ito maliwanag na sinasabi na ang Banal na Espiritu ay **Si Cristo mismo, na tinanggalan ng pagkatao. Ito ay ang kaniyang Espiritu** – ang Espiritung binabahagi nila ng Ama. **Hindi ito hiwalay na indibidwal.**

“Kapag inangkin ng bayan ng Diyos na sila ay templo ng Banal na Espiritu**, Si Cristo mismo ang nananahan sa loob nila**, at malinaw na mahahayag Siya sa kanila sa espiritu, sa pananalita, at kilos, at makikita **ang hindi maipagkakailang kaibahan nila sa mga tagasunod ni Satanas**.” (*Notebook Leaflets Vol. 1*, p.79)

“Ang pagkakaloob ng Espiritu ay **ang pagkakaloob ng buhay ni Cristo**.” (*The Desire of Ages*, p. 805)

“Ang dahilan kung bakit ang mga iglesia ay mahina at sakitin at handa ng mamatay, ay dahil ang kaaway ay nagdala ng impluwensyang nakapagpapahina sa mga nanglulupaypay na kaluluwa. Sinusubukan niyang alisin **Si Jesus sa kanilang pananaw bilang Mang-aaliw, na siyang tagapagsansala, tagapagbigay babala, tagapayo sa kanila, na nagsasabing, “Ito ang daan, dito kayo lumakad.**” (*Review & Herald*, August 26, 1890)

“Habang sa pamamagitan ng pananampalataya ay tumitingin tayo kay Jesus, ang ating pananampalataya ay tumatagos sa anino, at tayo’y nagmamahal ng labis sa Diyos sa Kanyang kahangahangang pag-ibig dahil ibinigay Niya sa atin **si Jesus na Mang-aaliw**.” (*Manuscript Release Vol. 19*, pp.297, 298)

> “Ang gawain ng banal na Espiritu ay hindi masusukat ang kadakilaan. … at **ang banal na Espiritu ay ang mang aaliw, bilang personal na presensya ni Cristo sa kaluluwa**.” (*Review & Herald*, November 29, 1892)

> “Ipinahayag ni Cristo na matapos siyang umakyat, kaniyang ipadadala sa kaniyang iglesia, bilang pinakamahalagang kaloob, ang Mang-aaliw, na siyang hahalili sa kaniyang lugar. **Ang Mang aaliw na ito ay ang Banal na Espiritu,--ang kaluluwa ng kanyang buhay**, ang kakayanan ng kaniyang iglesia, ang liwanag at buhay ng sanlibutan. Sa pamamagitan ng kanyang Espiritu nagsusugo si Cristo ng impluwensyang tagapag-ayos at kapangyarihan na nag-aalis ng kasalanan.” (*Review & Herald*, May 19, 1904)

Sa lahat ng mga talatang ito, ating nakikita ang magkakatulad na daloy ng kaisipan. Si Jesus mismo ang Mang-aaliw na isinugo upang gumawang kasama natin. Ito ay ang **kaniyang Espiritu, Ang kanyang personal na presensya sa atin** na gumagawa sa atin upang ang ating mga pag-uugali upang mahubog at mabago tayo sa Kanyang larawan. Dapat tandaan na sa huling pangungusap ni Mrs. White ay **malinaw niyang ipinabatid ang kanyang ibig sabihin ng ikatlong persona ng Kadiyusan ; ito ay ang personal na presensya ni Cristo, ang mismong buhay niya**. Hindi siya nagbigay ng palatandaan na tayo ay nakikitungo sa ibang indibidwal liban kay Jesus mismo. **Ang Banal na Espiritu ay tinutukoy na persona dahil ito ay isang personalidad**, o ang mismong buhay ni Cristo na ipinagkaloob sa atin. Binabanggit ni Ellen White ang Banal na Espiritu bilang **ikatlong persona** ng Kadiyusan sa ilang pagkakataon.

> “Ang prinsipe ng kapangyarihan ng kasamaan ay maitataboy lamang sa pamamagitan ng Kapangyarihan ng Diyos sa **ikatlong persona ng Kadiyusan**, ang banal na Espiritu.” (*Evangelism*, p. 617)

Pansining muli na inilarawan niya ang kanyang ibig sabihin **ng ikatlong persona: ito ay ang kapangyarihan ng Diyos**. Hindi niya sinabi na ito ay hiwalay at ibang personalidad.

Sa ibang bahagi, kaniyang binanggit ang “tatlong kapangyarihan” ng Langit. Subalit ibig sabihin ba nito na sila ay **magkakahiwalay na indibidwal**? Sa pagtingin sa napakaraming katibayan na kaniyang binigay na sumasalungat sa ganoong pananaw, aking napagpasyahan na **hindi niya layon** na ang pahayag sa Banal na Espiritu bilang ikatlong persona ng Kadiyusan , na tumutukoy sa iba liban kay Cristo.

Kaniyang ipinabatid ang kanyang layunin dito nang sinabi niya na ito ay ang "**kaluluwa ng kanyang buhay**"

> "**Ang Tagapagligtas ang ating Mang-aaliw**. Ito ay aking napatunayan" (*Manuscript Release Vol. 8*, p.49)
>
> "…nang ang ipinangakong Mang-aaliw ay bumaba sa Araw ng Pentecostes at ang kapangyarihan nagmula sa kaitaasan ay ipinagkaloob at ang mga kaluluwa ng mga mananampalataya ay nakilos ng **may buhay na presensya ng kanilang Panginoong umakyat**…" (*Great Controversy*, p.351)
>
> Hindi ipinangako ng Tagapagligtas sa kanyang mga tagasunod ang karangyaan ng sanlibutan; ngunit Kaniyang ipinangako na ang kanilang mga pangangailangan ay mapupunan, at Siya'y nangako ng mga bagay na mas higit pa sa karangyaan ng sanlibutan,--**ang nananahang kaaliwan ng Kaniyang sariling presensya**." (*Desire of Ages*, p.367)
>
> "Ang mahiwagang hagdan sa kanyang panaginip ay kumakatawan kay Jesus, ang bukod tanging kasangkapan ng pakikipag-ugnayan sa pagitan ng Diyos at ng tao." (*Steps to Christ*, p.20)
>
> **"Si Cristo ang taling nag-uugnay sa Diyos at sa tao**. Kaniyang ipinangako ang Kanyang personal na pamamagitan sa pagbibigay Niya ng Kanyang pangalan. … Oo, si Cristo ang naging kasangkapan ng panalangin sa pagitan ng tao at Diyos. Siya rin ang naging kasangkapan ng mga biyaya sa pagitan ng Diyos at tao." (*Bible Commentary Vol. 6*, pp.1078, 1079)

Pansinin: Si Cristo ang "ibang Mang aaliw." Siya ang siyang bumalik sa atin, na walang katawan ng pagkatao. **Si Cristo ang siyang namamagitan sa ating kapakanan; wala ng ibang pumapagitna, si Cristo lamang.**

**Ang kasalukuyang pananaw na pinanghahawakan ng karamihan sa Kristyanismo na ang Banal na Espiritu ay hiwalay na indibidwal, at iba kay Kristo ay hindi sinasang-ayunan ng Kasulatan**. Malinaw na si Cristo ay nagpadala ng Kanyang Espiritu upang gumawa sa atin. Siya mismo ang naririto sa gayong kaparaanan. Ating nalaman na **mayroon lamang 2 persona sa sansinukob na karapatdapat sambahin at papurihan; ang Ama at Anak**. Sa kasalukuyan marami ang sumasamba at nagpupuri sa Banal na Espiritu na para bang siya ay hiwalay na indibidwal. **Sa pamamagitan ng tamang pag-unawa kung Sino ang**

**Espiritu, ang kamaliang ito ay hindi magpapahayag sa kanyang sarili**. Tunay na mayroong mga katanungang dapat pakaisipin para sa mga naniniwala sa katuruan ng Trinidad.

1. Bakit **hindi kailanman sinabi sa ating manalangin o sumamba sa Banal na Espiritu?**

2. Nasaan ang Banal na Espiritu sa konseho ng Langit nang ang plano ng pagtubos ay inilatag at nang si Lucifer ay naghimagsik**? Ang Kasulatan ay hindi kailanman nagbanggit ng Banal na Espiritu sa halip ay ang Ama at Anak lamang**.

3. Nasaan ang pagbanggit ng Banal na Espiritu kapag tumutukoy sa Langit? Ating nakikita na may **Ama at Anak** lamang.

4. Bakit sinabi ni Ellen White na **Si Cristo lamang ang natatanging persona sa buong sansinukob na maaaring makapasok sa konseho ng Diyos?** Tunay na ang Banal na Espiritu ay kalakip kng mayroon mang Trinidad.

Ang sagot sa katanungang ito ay napakadali. Ang konsepto na may tatlong persona na nagtataglay ng Kadiyusan ay mali; **mayroon lamang dalawa**. **Ang Ama at Anak lamang ang personang marapat sambahin at papurihan, sila lamang ang may Kadiyusan**. Sila ay iisa sapagkat sila'y magkasalo sa magkatulad na Espiritu, ang Espiritu ng Ama **na siyang pinagmulan ng lahat ng mga bagay**. Ang kaalamang ito ang susi upang mabuksan ang lahat ng mga naglitawang suliranin. Tinatawag ng simbahan ang Trinidad na misteryo- Tunay nga! **Ito ay misteryo dahil hindi ito katotohanan**. Alalahanin, ang Kasulatan ay hindi kailanman gumamit ng katagang "Diyos Espiritu." Ang katagang iyan ay interpretasyon lamang ng tao. Kapag ating naunawaan kung sino ang Banal na Espiritu, ang plano ni Satanas sa huling pakikipaglaban ay mabubuko. Tulad ng ating nakikita**, Ang layunin ni Satanas ay humadlang sa pagitan ng tao at ng kanyang Tagapagligtas**. Ito ang kaniyang ginagawa sa pamamagitan ng katuruan ng Trinidad, ginagawa niya ang kaniyang sarili na Espiritu, ang bilang tagapamagitan. Mayroon lamang tayong iisang Tagapamagitan – si Jesucristo.

Sa pamamagitan ng ganitong katuruan si Satanas ay nagtagumpay sa paglalagay sa Ama, ang nag-iisang tunay na Diyos, sa likuran at inilagay ang Espiritu sa unahan. Ang ating dapat gawin ay tingnan ang saganang literatura na nalimbag na pumapatungkol sa Banal na Espiritu sa ating iglesia at sa lahat ng iba pang pananampalataya. **Tayo ay tinuruan na manalangin sa Banal na Espiritu na labas sa prinsipyo ng Bibliya**. Tayo bilang mga SDA ay patuloy na nagsasabing ang mga Pentecostals ay nananalangin at tumatanggap ng huwad na espiritu. Bakit? **Ang mga Pentecostals ay naniniwala sa katulad na Trinidad na ating pinaniniwalaan, hindi ba?** Paano nga tayo nakasisiguro na sila ay tumatanggap ng maling espiritu samantalang tayo ay nakatatanggap ng tamang espiritu? Ano ang pagkakaiba? Ating pag uusapan ito maya maya lamang.

> "**Ang Ama at Anak lamang ang dapat papurihan**." (*Sons and Daughters,* p. 58)

> "**Mayroong personal na Diyos, Ang Ama; may personal na Cristo, ang Anak**." (*Bible CommentaryVol. 6* p.1068)

Ito na nga!!! **Ang Ama at Anak** lamang ang tanging dalawang persona (beings) na dapat sambahin at papurihan.

# Mga Sinaunang Adventista

Ang mga Sinaunang Adventista ba ay kasang-ayon ng Banal na Kasulatan at Espiritu ng Propesiya sa pagtuturo sa paksa na may kinalaman Banal na Espiritu? Ito ay malinaw sa mga sumusunod na pahayag na sila ay kasang-ayon dito.

> "Ang Espiritu ng Diyos ay binabanggit sa Kasulatan bilang kinatawan ng Diyos-**ang kapangyarihan kung saan Siya gumagawa**, ang ahensya kung saan ang lahat ng mga bagay ay napagtibay. Ito ay malinaw na ipinahayag ng Mang-aawit. (Mga Awit 139:7-10) Napagtanto natin sa pahayag na ito na **kapag ating tinutukoy ang Espiritu ng Diyos ay tumutukoy tayo mismo sa kanyang presensya at kapangyarihan.**" (J.N Loughborough, *Review & Herald*, Sept. 13, 1898)

> "Sa katapusan, nalaman natin ang Banal na pagkakaisa ng Ama at Anak ay sa katotohanang **mayroon silang magkatulad na Espiritu**. Si Pablo, matapos sabihing sila ay nasa laman ay hindi maaaring mapaluguran ang Diyos, ay nagpatuloy: "Datapuwa't kayo'y wala sa laman kundi nasa sa Espiritu, kung gayo'y tumitira sa inyo ang Espiritu ng Diyos. Datapuwa't kung ang sinoma'y walang Espiritu ni Cristo, siya'y hindi sa kaniya. Roma 8:9. **Dito ay ating makikita na ang Banal na Espiritu ay ang kapwa Espiritu ng Diyos at Espiritu ni Cristo**." (E.J Waggoner, *Christ and His Righteousness*, p. 23)

> "Ang Banal na Espiritu ay ang makapangyarihang enerhiya ng Kadiyusan , **ang buhay ng Diyos na dumadaloy buhat sa Kanya** patungo sa buong parte ng sansinukob, at dahil dito ito ay gumagawa ng buhay na ugnayan sa pagitan ng Kanyang trono at sa lahat ng kanyang mga nilalang … kaya ang **Espiritu ay sumasagisag kay Cristo at sa Diyos, ngunit hindi ipinapahayag bilang hiwalay na persona. Hindi kailanman tayo tinagubilinan na manalangin sa Espiritu; ngunit sa Diyos para sa Espiritu. Hindi tayo makakakita sa Kasulatan ng pananalangin sa Espiritu; ngunit mga pananalangin para sa Espiritu**." (M.C Wilcox, *Signs of the Times (Question and Answers*, pp. 181, 182) 1911)

Muli, pansinin na itinuro ni Elder Wilcox na ang Kasulatan ay nagsasabing tayo ay manalangin **para sa Espiritu** hindi **sa Espiritu**.

> "Hindi lamang tayo nahahanda kundi nag-aalala rin na ito ay iwanan kung saan ito iniwan ng salita ng Diyos. Mula dito ating nalaman na ang **Espiritu ng Diyos ay ang kahangahanga at misteryosong kapangyarihan na nagbuhat sa trono ng sansinukob**, na siyang aktibong gumagawa sa paglalang at pagtubos." (J. H. Waggoner, *The Spirit of God; Its Offices and Manifestations*,p. 9. 1877)

Ito ay ilan lamang sa mga pahayag ng ilang mga taong nangunguna sa pasimula ng ating gawain. Kung inyong makikita, **sila ay lubos na kasang-ayon sa ating mga pinag-aralan sa Kasulatan at sa SOP**. Sinaway ni Ellen White ang iglesia sa iba't ibang kadahilanan noong pasimulang taon ngunit **kailanman ay hindi niya pinagwikaan ang mga kapatiran sa kanilang katayuan tungkol sa Kadiyusan**.

> Ang Banal na Espiritu ay ang personal na presensya ng Ama at ng Anak. Ang Espiritu ay maaring tawaging "persona" sa diwang ito mismo ang buhay ni Cristo na pumaparito sa atin, ang kanyang personalidad. **Mayroon tayong personal na Tagapagligtas na nanabik manahan sa atin**. Ang tunggalian sa Langit ay sa pagitan ni Cristo at Satanas at nagpapatuloy hanggang kasalukuyan. Ang Banal na Espiritu ay **hindi hiwalay na persona, na iba kay Cristo**. Ito ay si **Cristo,** sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu, na gumagawa sa ating kalagitnaan upang akayin tayo sa pagtatagumpay sa paglalaban ng masama at mabuti.

## Anong Pagkakaiba Ang Ibubunga???

Ang katanungan na ating iniisip sa mahabang panahon ay "Ano ang pagkakaibang ibubunga nito? Hindi kaya ito ay teyolohiyang teknikalidad lamang?" Marami ang nagtatanong ng gayunding katanungan sa nakalipas na mga buwan. Ang kasagutan sa katanungang ito ay, gayon pa man, ay nagiging mas malinaw sa amin habang minamasdan naming mabuti ang pagkakaiba at mapag-isipan ang kanilang pagkakaugnay. Kami ay naniniwala na ito ay mahalaga. Hinggil sa ating kaligtasan, ang sinasabi ng Kasulatan ay:

> **Juan 17:3** *"At ito ang buhay na walang hanggan, na ikaw ay makilala nila* ***na iisang Diyos na tunay****,* ***at*** *siyang iyong sinugo, sa makatuwid baga'y* ***si Jesucristo****."*
>
> **Juan 3:36**"***Ang sumasampalataya sa Anak ay may buhay na walang hanggan****; nguni't ang hindi tumatalima sa Anak ay hindi makakakita ng buhay, kundi ang poot ng Diyos ay sumasa kaniya*."

**Juan 20:31**“*Nguni't ang mga ito ay nangasulat, upang kayo'y magsisampalataya na si Jesus ay ang Cristo,* ***ang Anak ng Diyos; at sa inyong pagsampalataya ay magkaroon kayo ng buhay sa kaniyang pangalan*****.”**

**1Juan 4:15**“*Ang sinomang nagpapahayag na si Jesus ay* ***Anak ng Diyos****, ang Diyos ay nananahan sa kaniya, at siya'y sa Diyos*.”

**1Juan 5:13***“Ang mga bagay na ito ay isinulat ko sa inyo sa kanila na nagsisisampalataya sa pangalan* ***ng Anak ng Diyos, upang inyong maalaman na kayo'y mayroong buhay na walang hanggan****, sa makatuwid ay sa inyong nananampalataya sa pangalan ng Anak ng Diyos..”*

**Ito ay mahalaga!!! Ang Kasulatan ay nagpapahayag na ang buhay na walang hanggan ay ang paniniwala na si Jesus ay ang Anak ng Diyos**. **Isinugo ng Diyos ang Kanyang Anak**!! Ito ang puso ng mensahe ng ebanghelyo. Ang katuruan ng Trinidad ay nagsasabing si Jesus ay hindi talaga Anak ng Diyos. **Tayo ay pinagsabihang tutugon sa sakripisyong ginawa sa kapakanan natin katumbas sa halaga ng kaloob sa atin**. Bilang mga magulang, ito ay tumatama sa aming mga puso na mapagtatanto na ibinigay ng Diyos ang Kanyang sarili sa pagkakaloob ng Kanyang nag-iisang isinilang na Anak. **Ang katuruan ng Trinidad ay nagpapalabo sa gayong kaloob**. Hindi ito pagpapanggap lamang; ito ay ang minamahal na Anak ng Diyos na namatay para sa atin. Ang plano ng pagtubos ay may mas malalim na kahulugan. Pansinin ang napakagandang paglalarawan ng inspirasyon sa **pinagdaanan ng Ama sa pagbibigay niya ng Kanyang Anak para mamatay sa atin**:

“Sabi ng anghel, “Iniisip ba ninyo na ibinigay ng Diyos ang kanyang pinakamamahal na Anak ng walang pakikipagpunyagi? **Hindi, hindi. Ito rin naman ay isang pakikipagpunyagi sa Diyos ng langit**, kung papayagan nya bang mamatay ang nagkasalang tao, o ibigay ang **Kaniyang minamahal na Anak** upang mamatay para sa atin.” (*The Story of Redemption*, p.45)

Ang katuruan na isinugo ng Diyos ang **Kanyang Anak ay ang pinakabuod ng pananampalatayang Kristyano**. Alisin ang pundasyon **at ang lahat ng mga bagay ay maguguho kasama nito**. Si Satanas ay nanira ng katotohanan tungkol sa Anak ng Diyos at ang mga puso ay sumusubok na tumugon sa Diyos ng may maling pagkaunawa sa sakripisyo na ginawa ng Ama. Sa pasimula pa lamang ay sinusubukan na ni Satanas na guluhin ang katotohanan kung sino si Jesus. Hindi niya

nais na tanggapin ang pagpapahayag ng Diyos na si Cristo lamang, ang Anak ng Diyos, ang maaaring umupong kasama Niya at maghari kasama Niya. (Tingnan ang *Story of Redemption* ch. 1-5) Sa pamamagitan ng katuruan ng Trinidad, ang katayuan ni Cristo ay naitago sa "misteryo". Siguradong hangad ni Satanas na huwag tayong makaunawa sa magandang relasyon ng Ama at Anak, dahil ayon sa Kasulatan, ito ang buhay na walang hanggan.

**Muli tayo ay naririto sa hangganan ng Lupang Pangako;** sa ngayon, ito ay ang makalangit na Canaan na ating papasukan. Nanawagan ang Panginoon sa Kanyang bayan na muling manumbalik sa pagsamba sa **nag-iisang tunay na Diyos**. Atin bang susundan ang mga yapak ng nalabing iglesia ng Diyos na tinawagan upang ibigay ang pabalita sa huling kapanahunan o tayo ay susunod sa mga yapak ng Roma? Maaari kayang ang dahilan na tayo ay mukhang katulad na ng ibang mga iglesia habang tumatagal ang panahon, ay **dahil wala tayong kamalaymalay na tayo ay nahulog na mula sa ating pundasyon** at tayo ngayon ay nagtatatag sa **maling pagkaunawa kung sino ang Diyos**? Pansinin ang mga salita ng Propetisa:

> "Bilang bayan ng Diyos, **kinakailangan nating tumayong matatag sa saligan ng walang hanggang katotohanan na nakatagal sa lahat ng pagsubok at suliranin. Ang mga prinsipyo ng katotohanang ipinahayag sa atin ng Diyos ay ang ating tunay na pundasyon lamang. Ito ang naghubog kung ano tayo ngayon**." (*Selected Messages Book 1*, p.201. **1904**)

Pansinin kung kailan ang kasulatang ito ay isinulat, **ang iglesia ay hindi pa tumatanggap ng paniniwalang Trinitarian**. Tayo ay binabalaan na huwag umalis sa pundasyong naitatag na. Hindi tayo nakinig sa babala at lumalabas na ang kaibahan **ng pananampalatayang Adventista ay patuloy na bumabagsak simula noong pinalitan natin ang mga pundasyon**.

# Ang Banal na Espiritu

Ang isa sa pagkakaiba na atin marapat isaalang-alang ay ang pagkaunawa kung sino ang Banal na Espiritu. Ngunit bakit ito magkakaroon ng pagkakaiba kung tayo man ay maniwala sa Banal na Espiritu bilang Espiritu ni Cristo o maniwala tayo na ito ay ang hiwalay na persona, kakaiba at hiwalay kay Cristo?

**Sa pagsagot nito kinakailangan nating alalahanin kung ano ang orihinal na hangarin ni Satanas mula ng pasimula**. Naalala ba ninyo na siya ay nagalit dahil

hindi siya pinayagan na makapasok sa pag-uusap sa Langit kasama ng Ama at Anak. **Ang Anak lamang ang nag-iisang persona (being) sa buong sansinukob na maaaring makapasok sa payo ng Diyos**. Ang kadahilanan kaya hindi nilakip si Satanas ay dahil siya ay hindi Diyos, si Satanas ay nilalang lamang. Ito ang laging hangad ni Satanas na maging kapantay ng Diyos. Sa kalangitan sinubukan ni Lucifer (Satanas) na ipaglaban ang kaniyang iniisip na karapatan. **Ngunit tayo ay pinagsabihan na ginagamit niya sa kasalukuyan ang mas mapandayang pamamaraan. Hinahangad niya na kopyahin ang Diyos. Upang magpanggap na Diyos!**

> **"Si Satanas ay desperadong gumawa ng paraan upang gawing Diyos ang kanyang sarili, na magsalita at gumawang katulad ng Diyos**, upang palabasin bilang isang may karapatang magkontrol sa konsensya ng mga tao." (*Bible Commentary Vol. 7*, p. 981)

Mula sa Konseho ng Nicea noong A.D. 325 hanggang sa panahon ng Konseho ng Constantinople noong A.D. 381, nagawa ni Satanas na palabuin ang dalawang bagay; "**ibang Mang-aaliw**" at "**ibang araw**." Ang ibang "araw" ay tumanggap sa Linggo bilang banal na Araw ng Diyos kapalit ng Sabbath sa Biblia. Ang ibang "Mangaaliw" ay ang pagtanggap sa Banal na Espiritu bilang ika-3 persona upang mabuo **ang Trinidad**, na naglalahad sa Espiritu bilang hiwalay na indibidwal/persona, hiwalay sa Ama at Anak. Maaari mong balik-tanawan sa kasaysayan ng iyong iglesia na ang Iglesia na lumitaw sa panahong yaon ng Konseho ng Nicea ay kumakatawan sa Pergamo sa Apoc. 2:12-17. Ito ang panahon ng pagtalikod sa nag-aangking iglesia ng Diyos. Ang Madilim na Kapanahunan (Dark Ages) ay susunod sa kasaysayan ng panahong ito. Sa kasalukuyan, ang dalawang pagkakamaling ito ay nasa sa atin, at sa ngayon ay tinanggap na ng nalabing iglesia ng Diyos ang isa sa kanila.

Naalala ba ninyo nang sinabi ni Ellen White na, "**Pinagsikapan ni Satanas na alisin sa kanilang paningin si Jesus bilang Mang-aaliw**." Kita mo, natatakot si Satanas sa presensya ng Diyos. Siya ay desperadong alisin tayo kay Cristo papunta sa **ibang diyos – Siya**. Ang katuruan na ang Banal na Espiritu ay hiwalay na persona liban kay Jesus ay nag-aalis sa ating paningin Kay Jesus, at inilalagay ang ibang persona. **Tingnan na lamang natin ang pagdidiin tungkol sa Banal na Espiritu**. Ang Ama at Anak ay tinutulak papunta sa likod. Sino ang naglalagay sa kanyang sarili bilang tagapamagitan? Sino ang gustong sumagot ng ating mga panalangin at magtuwid ng ating pamumuhay? Sino ang naghahangad maging kapantay ng Diyos? Oo, tama. Palaging hinahangad ni Satanas na maging **ikatlong miyembro ng Kadiyusan**. Ang

pinakamatagumpay na plano ni Satanas ay ang ilagay ang kanyang sarili sa pagitan natin at ng Tagapagligtas, upang maging 'ibang Mang-aaliw' sa isang diwa, na sasagot ng mga panalangin at magsusugo ng kapangyarihan. Mayroong pangitain si Ellen White na naitala sa *Early Writings* pp.54-56 na makatawag-pansin. Iminumungkahi ko na basahin ninyo ang buong pangitain ngunit aking sinipi kung saan ito natapos.

> Sila na bumangong kasama si Jesus ay magpapadala ng kanilang pananampalataya sa Kaniya sa kabanalbanalan, at mananalanging, "Aking Ama, ipagkaloob mo sa amin ang iyong Espiritu." At si Jesus ay hihinga sa kanila Banal na Espiritu. Sa hiningang yaon ay liwanag, kapangyarihan at lubos na kagalakan, kaligayahan, at kapayapaan. Ako ay lumingon sa mga grupo na nananatiling nakayuko sa harapan ng trono; hindi nila alam na iniwan iyon ni Jesus. S**i Satanas ay tila malapit sa trono, sinusubukang ipagpatuloy ang gawain ng Diyos**. Nakita ko sila na nakatingala sa trono, at nananalangin, "Ama, ipagkaloob mo sa amin ang iyong Espiritu" **si Satanas ay hihinga naman sa kanila ng hindi banal na impluwensya**; doon ay may liwanag at lubos ng kapangyarihan, ngunit walang matamis na pagmamahal, kagalakan, at kapayapaan. **Ang layunin ni Satanas ay manatili silang nadadaya at tumalikod at dayain ang mga anak ng Diyos**." (*Early Writings*, pp. 55, 56)

Ang nilalaman ng pangitain ay may kinalaman sa pag-alis kay Cristo sa Banal na dako patungo sa kabanal-banalang dako sa Santuaryo. Ngunit ang diwa na dapat mapansin ay **ang pagsagot ni Satanas sa mga panalangin na nag-aakalang sila ay nananalangin sa Diyos**. Nais ni Satanas na pamarisan ang gawain ni Cristo. Sa pamamagitan ng paniniwala natin **sa doktrina ng Trinidad, na inilalagay ang Banal na Espiritu, bilang hiwalay na persona, 'Diyos Espiritu.'** Tayo ngayon ay napag-atasang manalangin sa personang ito. Napatunayan na natin na ito ay hindi kasang-ayon sa Kasulatan. Ang akin namang tanong ay ito, **"Sino ang sumasagot ng mga panalanging yaon?"** Inaalis ba natin si Cristo bilang Mang-aaliw, at naglalagay bilang Kanyang kapalit ng huwad na mang-aaliw, si Satanas mismo? Hindi kaya ang dahilan kaya tayo ay nagpapasimulang maging katulad ng ibang mga iglesia sa palibot natin ay sa kadahilanang kumukuha tayo ng kasagutan sa kung ano ang tama at kung ano ang mali sa iisang dako. Kung tayo ngayon ay naniniwala na ang Banal na Espiritu ay maaaring sambahin at panalanginan gaya ng Ama at Anak, Saan tayo naakay? **O anong pagbubukas ang ating ginawa para sa huwad na espiritu upang mamayagpag sa Adventismo!!**

# KONKLUSYON

**Anong pagkakaiba ang ibinubunga nito?** Ako ay naniniwala na maaaring ang pagkakaiba ay sa pagitan ng pagtayo ng matibay kay Cristo sa lahat ng mga pagsubok na naghihintay sa atin o di kaya'y madala sa lahat ng mga silo ni Satanas na nakaamba sa sanlibutan. **Kinakailangan nating tumayong matatag sa konkretong sandigan at kung ang pundasyon ay mahina, ang gusali ay guguho**.

Bilang mga Seventh-Day Adventist tayo ay naniniwala na ang lahat ng ating katuruan ay nakabatay lamang sa Kasulatan. Subalit noong 1980 sa General Conference session sa Dallas, Texas nang ating **opisyal na tinanggap ang Trinidad** bilang katuruan ng samahang Adventista ating inihayag: **"Bagaman walang ni isang pahayag sa Kasulatan na nagsasalaysay ng doktrina ng Trinidad, ito ay inaakala bilang katotohanan… Sa pamamagitan lamang ng pananampalataya ating matatanggap ang paglitaw ng Trinidad**." (Special Edition of the *Review & Herald*)

**Walang ibang doktrina tayong pinanghahawakan bilang bayan na hindi natin mapapatunayan sa Kasulatan**. Ang katotohanan tungkol sa Kadiyusan ay napakalinaw kung sino ang Ama, Anak at ang Banal na Espiritu. Subalit may mga bahagi na kung saan hindi na natin maunawaan sapagkat pinili ng Diyos na ang kaalamang ito ay hindi naipahayag sa atin, **Kung sino ang marapat na sambahin ay malinaw na ipinakita sa Salita ng Diyos. Hindi ito misteryo**.

**May iisang Diyos, Ang Ama! May isang isinilang na Anak, Si Jesucristo, na siyang tunay na larawan ng Ama at nagtataglay ng lahat ng katangian ng Ama. Si Jesus ay Banal na Anak ng Diyos. May-iisang Espiritu lamang, ang nagkakaisang Espritu ng Ama at ng Anak. Nakita natin na may dalawang Banal na Persona (Divine Beings) na nagbabahagi sa iisang Espiritu na nagdadala sa iisang layunin, kaisipan at gawain**.

Ipinahayag natin sa pasimula na kapag ang gusali ay itinatag sa Bato, ito ay tatayo; subalit kung ito ay nakatayo sa buhanginan ito ay guguho. Kailangan nating alalahanin ang prinsipyong ito. Ipinakilala natin sa mga nakalipas na taon ang ating kaibahan bilang bayan ay tila unti-unting naguguho. **TAYO AY NAAKAY SA PAGKAKAISA NG RELIHIYON**, tinanggap ang uri ng pagsamba na nakakaduda, nabago ang pag-iingat sa Sabbath, pananamit, at tayo ay nakaririnig maging sa mga Adventista na hindi naniniwala na ang kautusan ng Diyos ay maaaring maingatan.

Marami ang maaari pang itala subalit hindi ito ang layunin ng aklat na ito**. Ang punto na ating sinusubukang ipakita ay kapag tayo ay mayroong maling konsepto ng Diyos, hindi tayo makapagtatayo sa matibay na pundasyon**. Tulad ng ating ipinakita, **ang simbahang Katoliko** ay may katuruan ng **Trinidad** na kaniyang **pinakasentro** at masdan ninyo kung ano ang natatag sa pundasyong yaon. Kinakailangan natin itong bigyan ng matinding pagsasaalang-alang.

Ang iglesia ng Diyos, Ang kanyang bayan kasama ang nalabing mensahe ay magpapatuloy!!! Ngunit kailangan nating laging alalahanin na upang makabilang sa **nalabi**, **kinakailangan nating maging katulad ng orihinal**. Ang pinakapuso ng nalabing mensahe ay "Matakot kayo sa Diyos, at magbigay kaluwalhatian sa kanya…." Apoc. 14:7 **Ang ating mga pioneers (tagapanguna) ay kilala kung sino ang Diyos na yaon, na siyang dahilan kung bakit sila ay nakapagbibigay ng mensahe na may kakaibang tinig.**

Binuod ni Elder R. F. Cotrell ng napakalinaw ang buong usaping ito. Sabi niya:

> "Kung ako man ay tanungin kung anong iniisip ko tungkol Kay Cristo, Ako ay naniniwala sa lahat ng sinasabi ng Kasulatan tungkol sa Kanya. Kung ang patotoo ay nagpapakita na Siya ay nasa kaluwalhatian ng Ama bago pa nagkaroon ng sanlibutan, pinaniniwalaan ko. Kung sinasabi na Siya ay kasama ng Diyos sa pasimula at Siya ay Diyos, at ang lahat ng bagay ay ginawa Niya at para sa kanya, at alin man sa lahat ng ginawa ay hindi ginawa kung wala Siya, pinaniniwalaan ko. Kung sinasabi ng Kasulatan na Siya ay Anak ng Diyos, pinaniniwalaan ko. **Kung ipinahayag na ang Ama ay nagsugo ng Kanyang Anak sa sanlibutan**, **ako ay naniniwala na Siya ay may Anak na isusugo**. Kung sinasabi ng patotoo na Siya ang pasimula ng paglalang ng Diyos, pinaniniwalaan ko. Kung sinasabi na Siya ang sinag ng kaluwalhatian ng Ama, at tunay na larawan ng Kanyang persona, pinaniniwalaan ko. At kapag sinabi ni Jesus na Ako at ang Ama ay iisa,' Pinaniniwalaan ko; at kapag sinabi Niya, 'Ang Ama ay nakahihigit sa akin,' pinaniniwalaan ko rin; ito ay salita ng Anak ng Diyos, at bukod dito ito ay sakdal na makatwiran at nagpapakita ng sariling pagpapatunay." (*Review & Herald*, June 1, 1896)

**Ang mga nagtatag ng samahang Adventista ay mga masikap na tagapagsaliksik ng Biblia na nanghahawak sa salita ng Diyos kung paano ito nababasa**. Hindi nila inilaan ang kanilang oras upang pilosopohin ang malinaw at payak na katuruang matatagpuan sa Kasulatan. Isang mahalagang pagsusuri na kapag pinag-usapan ang katuruan ng Trinidad kasama ang ilang mga pastor o mga theologians, ang kanilang nagiging unang tugon ay kinakailangan bumalik sa pag-aaral ng Griyego upang iyong maunawaan ang konsepto ng Kadiyusan. Bagaman pinaniniwalaan natin na mahalaga ang Griyego, **kinakailangan nating maging maingat na huwag ibigay ang lahat ng interpretasyon ng Kasulatan sa kamay lamang ng mga theologians**. Kung ikaw ay magiging theologian upang makaunawa, isipin natin ang mensahe na ating ipinadadala sa mga laymen ng simbahan! Tunay na ang Griyego ay nakatutulong, ngunit siguradong hindi nito sinasalungat ang malinaw at simpleng katuruan ng Kasulatan.

Napatunayan natin na ang **pananaw ng Trinitarian** ay nakalilito, mahirap at salungat sa Kasulatan.

1. Sinasabi ng **mga Trinitarian** sa atin na kailangan nating maunawaan na kapag ang katagang **Anak ng Diyos** ay ginamit kay Cristo bago pa man siya isilang sa Betlehem, ang katagang ito ay ginagamit **lamang** sa diwang **pagtukoy** sa panahon na kung saan siya tatawaging Anak dahil sa pagkakatawang-tao. Ito ay ilalapat parehas sa Kasulatan at sa Espiritu ng Propesiya. **Subalit, wala sa Biblia o sa Espiritu ng Propesiya ang ganitong pagpapahayag. Ito ay purong haka-haka lamang.** Ang katotohanan ay parehas itong nagsasabi na si Jesus ay mismong Anak ng Diyos at lumitaw na gayon bago pa man siya pumarito sa lupa.

2. Sa pananaw ng **mga Trinitarian** sinisugurado nila na hindi ang Anak ng Diyos ang namatay para sa iyo at sa akin, ngunit myembro ng Kadiyusan na **gumaganap ng bahagi bilang Anak**. Subalit, malinaw na sinasabi ng Kasulatan “Sapagkat gayon na lamang ang pagsinta ng Diyos na **ibinigay niya ang kaniyang bugtong na Anak…”** (Juan 3:16)

3. Sinasabi ng mga Trinitarian na ang tatlong persona ang bumubuo ng iisang Diyos at dahil ang bawat isa ay Diyos sa kanyang sariling karapatan, **ang bawat isa sa kanila ay marapat na papurihan at sambahin at ang bawat isa ay marapat na panalanginan**. Subalit, ang Kasulatan ay nagsasabi sa atin na mayroon lamang **dalawang persona na karapatdapat sambahin at papurihan, Ang Ama at ang Anak**. Sinasabi rin nito na kailangan nating **manalangin sa Ama** sa pamamagitan ng Anak.

4. Tinatawag ng mga Trinitarian **ang Banal na Espiritu na,'Diyos Espiritu',** ngunit hindi ginamit ang katagang ito saanman sa Kasulatan.

Pinilosopo kaya natin ang payak at simpleng katuruan ng Kasulatan at tinanggap bilang kapalit ng kaisipan ng tao kung ano ang tama sa mali? **Ang Trinidad ay unti-unting naipasok sa nalabing iglesia ng Diyos**. Sa Kasalukuyan may malawakang pagtanggap dito na kung saan kapag ang sinuman ay iyong kinausap tungkol sa patunay nito ang tugon ay palaging gayon; **hindi man lamang nila inisip na ito ay pagdudahan**. Ang mga pioneers kaya ay tunay na nalabi? Kung sila man, kailangan nating paniwalaan na sila ay lumabas na mula sa Babilonya sa kanilang pagtuturo **dahil ito ang tanda ng Nalabing Iglesia**. Hindi nila maaaring tawagan ang iba palabas kung sila mismo ay may "kaguluhan".

Ang aming panalangin ay magsaliksik kayo ng inyong sarili. "Pagsikapan mong humarap na subok **sa Diyos**." Ang tanging paraan upang makapagdesisyon kung ano ang katotohanan ay ang gawin ang ginawa ng mga sinaunang Adventista. **Inalis nila ang mga nauna nilang palagay at lumapit sa Kasulatan upang hanapin ang katotohanan**. Kapag ang Kasulatan ay natapos ng basahin tayo ay pinagwikaan ni Elder Haskell na ang Panginoon ang maglalagay ng Kaniyang selyo sa kanilang Pag-aaral sa pamamagitan ng **paggabay ng propesiya**. Tayo rin ay makagagawa ng gayundin sa pamamagitan ng **mga sulat ni Ellen G. White.**

Pagpalain nawa ng Diyos ang bawat isa habang nag-aaral sa mas maliwanag na kaunawaan sa Diyos na ating pinaglilingkuran.

# Apendiks

Inilista namin sa ibaba ang ilang mga talata at pahayag na nakalilito sa marami, kapag isinasaalang-alang ang paksang ito. Magsaliksik kayo sa inyong sarili habang inyong pinagkakasundo ang mga pahayag Kasulatan at Espiritu ng Propesiya

> **Gen 1:26** **"***At sinabi ng Diyos, Lalangin* ***natin*** *ang tao sa* ***ating*** *larawan, ayon sa* ***ating*** *wangis…*"

**Pansinin: "NATIN"** ay hindi nangangahulugang tatlo tulad ng sinasabi ng iba. Malinaw na ipinahayag sa atin ni Ellen White kung ano ang ibig sabihin ng Diyos nang ginamit niya ang salitang ito sa Kasulatan.

> "Matapos malalang ang sanlibutan, at ang mga hayop na naroroon, isinakatuparan ng **Ama at Anak** ang kanilang layunin, na naipanukala na bago pa man magkasala si Satanas, na lalangin ang tao **sa kanilang sariling larawan. Sila ay gumawang magkasama sa paglalang ng sanlibutan** at lahat ng mga may buhay na naroroon. At ngayon **sinabi ng Diyos sa Kanyang Anak**, "Lalangin natin ang tao sa ating larawan, ayon sa ating wangis." (*The Story of Redemption*, p.20, 21)

May **dalawang persona** lamang na kalahok, Ang Ama at ang Anak.

**Genesis 11:7, Isaias 6:8** Ang dalawang talatang ito ay ginamit din ang salitang "Natin o Namin" Ito kaya ay tumutukoy din sa Ama at Anak tulad ng nakita natin sa Gen.1:26?

> **Juan 1:1, 2** "*Nang pasimula siya ang Verbo, at ang Verbo ay sumasa Diyos, at ang Verbo ay Diyos*". *Ito rin nang pasimula'y sumasa Diyos*."

Ang salita ay nasa pasimula, pasimula ng ano? Ito marapat ay pasimula ng isang bagay. Ito kaya ay pasimula ng paglalang ng sanlibutang ito? Ito kaya ay pasimula ng paglalang ng mga anghel? Saan mo mang lugar ilapat ang pasimulang ito, ito ay pasimula ng isang bagay. Maraming mga Trinitarian ang gumagamit nito upang patunayan na si Cristo ay nandyan na, at walang pasimula. Hindi ito ang sinasabi ng talata, pati ang salitang *kasama* ay mayroon ding kahulugan. Ang Salita ay *kasama*

ng Diyos. Hindi maaaring sila ay iisang persona lamang o di kaya’y ang Siya ay kasama Niya. Hindi ka makalalakad sa kalsada *kasama* ang iyong sarili.

Mga talatang nakatala ang Ama, Anak at Espiritu.

| | | |
|---|---|---|
| Juan 14:16 | Mga Gawa1:2-5 | Mateo 28:19 |
| Juan 15:26 | Mga Gawa 10:36-38 | 1 Cor.12:3-6 |
| Juan 16:6-15 | Tito 3:4-6 | 2 Tesalonica 2:13-16 |

May iba pa na maaari nating itala. Bagaman tunay na ang Ama, Anak at Espiritu ay nakatala, **wala** sa mga talatang ito ang may kinalaman **sa kanilang relasyon na itinuturo ng Trinidad.**

> **Mateo 28:19** “*Dahil dito magsiyaon nga kayo, at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila'y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo.*”

Walang duda na ang Ama, Anak at Espiritu ay gumaganap ng bahagi sa pagbabago ng mga kaluluwa. Subalit, Hindi pa rin nito pinatutunayan na ang Espiritu ay hiwalay na persona na iba sa Ama at Anak.

> **Lucas 3:21, 22**“…*Si Jesus ay binautismuhan naman, at nang nananalangin, ay nabuksan ang langit, At bumaba sa kaniya ang Espiritu Santo na may anyong katawan, tulad sa isang kalapati, at nanggaling ang isang tinig sa langit, Ikaw ang sinisinta kong Anak; sa iyo ako lubos na nalulugod.”*

Ang Espiritu ng Diyos ay bumaba mula sa Ama at namalagi sa Anak. Ang hugis kalapati ay **hindi** nagpapatunay na may ibang indibidwal na lumapit kay Jesus, sa halip ito ay pagkilala ng Ama na tinanggap ni Jesus ang Espiritu ng Diyos.

# Mga Sipi sa Espiritu ng Propesiya

Ang sipi na ginagamit ng maraming tao bilang pangunahing dahilan ng kanilang pananaw patungo sa pananaw ng Trinidad ay matatagpuan sa *Desire of Ages* p. 530. Sabi dito:

"..  Kay Cristo ay ang buhay, orihinal, hindi hiram, walang pinanggalingan…"

Sinasabi na sa pahayag na ito ni Ellen White ay nagpapatunay na si Cristo ay palaging nariyan na bilang hiwalay at ibang persona kaya may paniniwala na ang Diyos ay Trinidad. Sinasabi nila na ito ay pumapatungkol sa kaniyang pisikal na buhay na nanatiling lumilitaw. Subalit pansinin ang kasunod sa pahayag na ito.

> **"*Ang kinaroroonan ng Anak ay kinaroroonan ng buhay*."**1Juan 5:12 Ang Kadiyusan ni Cristo ay ang kasiguruhan ng mga mananampalataya sa walang hanggang buhay." (*Desire of Ages,* p. 530)

Ang artikulo ay lumabas sa *Signs of the Times* isang taon bago lumabas ang kasulatan ng *Desire of Ages* kung saan ginamit niya ang gayunding kataga. Ang artikulong ito ay muling inilimbag sa 1 SM p.296. Ito ang nakasulat sa orihinal nitong nilalaman.

> "*Sa kaniya ay buhay; at ang buhay ay liwanag ng mga tao*" (Juan 1:4**). Hindi pisikal na buhay ang tinutukoy dito, sa halip ay walang kamatayan**, ang buhay na kung saan Diyos lamang ang nagmamay-ari. Subalit ang Salita, na kasama ng Diyos at Siya'y Diyos, ay mayroong ganitong buhay. Ang pisikal na buhay ay isang bagay na tinatanggap ng bawat isa. Hindi ito buhay na walang hanggan o walang kamatayan; Sapagkat ang Diyos, Ang tagapagbigay-buhay, ay kukuning muli ito. Ang tao ay walang kontrol sa kanyang buhay. **Subalit ang buhay ni Cristo ay hindi hiram**. Walang sinuman ang makakukuha ng buhay na ito mula sa kanya. *"Kusa ko itong ibinigay"* (Juan 10:18), Sinabi niya. **Sa kaniya ay buhay, orihinal, hindi hiram, walang pinagmulan. Hindi ito nakapaloob sa tao. Magkakaroon lamang siya nito sa pamamagitan ni Cristo**. Hindi niya ito kayang kunin. **Ito ay bigay sa kanya bilang kaloob kung siya ay**

> **maniniwala kay Cristo bilang kaniyang personal na Tagapagligtas**. *"At ito ang buhay na walang hanggan, na ikaw ay makilala nila na iisang Diyos na tunay, at siyang iyong sinugo, sa makatuwid baga'y si Jesucristo.* (Juan 17:3)." (*Selected Messages Book* 1, pp. 296, 297)

Makikita sa nilalaman na **hindi ginamit ni Ellen White ang pangungusap na ito upang tumukoy sa pisikal na paglitaw ni Cristo sa halip ay sa buhay na walang hanggan, buhay na bukod tanging pag-aari lamang ng Diyos**.

Iba pang mga sipi na ginagamit upang patunayan ang pananan ng Trinitarian ay:

> "Si Cristo ay ang dati ng lumitaw (pre-existent), lumitaw sa Kaniyang sariling (self-existent) Anak ng Diyos" (*Evangelism*, p.615)

Ito ay bahagi ng pahayag na palaging sinisipi. Ito ay ginagamit ng mga Trinitarian upang patunayan na si Cristo ay palagi nang nariyan bilang ika-2 persona ng Kadiyusan. Masdan nating mabuti ang buong pangungusap.

> "Si Cristo ay ang dati ng lumitaw (pre-existent), lumitaw sa Kaniyang sariling (self-existent) Anak ng Diyos"… Patungkol sa kanyang naunang paglitaw, **Dinadala ni Cristo ang kaisipan patungo sa wala pang mga panahon. Sinisugurado nya sa atin na walang panahon na Siya ay hindi kasama ng walang hanggang Diyos**. Siya na tinig na pinakinggan ng mga hudyo **na kasama ng Diyos bilang isang kamanggagawa Niya**." (*Signs of the Times*, Aug. 29, 1900; *Evangelism* p. 615)

Pansinin na si Cristo ay tinawag na may sariling paglitaw na Anak, na may pagkakaiba sa pangungusap na **Walang hanggang Diyos (Ang Ama)**. Alalahanin na "*Sapagka't kung paanong ang Ama ay may buhay sa kaniyang sarili, ay gayon din **namang pinagkalooban niya ang Anak na magkaroon ng buhay sa kaniyang sarili**.*" Juan 5:26 At nagpatuloy Siya sa pagsasabing walang panahon na si Cristo ay hindi kasama ng Ama. Marami ang gumagamit nito at sinasabing si Cristo ay walang pasimula. Ngunit pansinin na Kanyang niliwanag Siya ay kasama ng Diyos bilang **isinilang na kasama niya**. Ito rin ay katulad ng katagang ginamit sa Kawikaan 8 na

kaniyang sinasabi na tumutukoy kay Cristo. Yamang si Cristo ay isinilang, tunay na mula sa panahong Siya ay isinilang ay palaging kasama ng Kanyang Ama. Kailangan din nating alalahanin na ang buhay ni Cristo ay tumatahan sa buhay ng Ama, yamang si Cristo ang kagayang kagaya ng Kanyang Ama, at mayroong katulad na esensya.

Ang iba pang mahirap na pahayag sa mga tao ay matatagpuan sa 1SM 247:

> "Ang Panginoong Jesucristo, ang Banal na Anak ng Diyos, ay **lumitaw sa walang hanggan, ibang persona, ngunit kaisa ng Ama**."

Kung aking babasahin ang bahaging ito lamang ako ay makababasa ng pananaw ng Trinitarian dito. Subalit, muli, masdan natin ang buong sipi,

> "Ang Panginoong Jesucristo, ang Banal na Anak ng Diyos, ay **lumitaw sa walang hanggan, ibang persona, ngunit kaisa ng Ama**." Siya ang dakilang kaluwalhatian ng langit. Siya ang tapapagpasunod ng mga makalangit na nilalang, at ang pagsambang may paggalang ng mga anghel ay tinanggap bilang Kanyang karapatan. Hindi ito pagnanakaw sa Diyos. *"**Inari ako ng Panginoon sa pasimula ng kaniyang lakad, bago pinasimulan ang kaniyang mga gawa ng una. Ako'y nalagay mula noong araw mula ng walang pasimula**, bago nalikha ang lupa**. Ako'y nailabas ng wala pang mga kalaliman**; nang wala pang mga bukal na sagana ng tubig. Bago ang mga bundok ay nalagay, bago ang mga burol ay **ako'y nailabas**: Samantalang hindi pa niya nililikha ang lupa, ni ang mga parang man, ni ang pasimula man ng alabok ng sanglibutan. Nang kaniyang itatag ang langit nandoon ako: nang siya'y maglagay ng balantok sa balat ng kalaliman"* (Pro 8:22-27)." (*Selected Messages Book* 1, pp. 247, 248)

Ang buong pangungusap na ito ay tunutukoy sa dating paglitaw ni Cristo kasama ng Ama bago pa nalalang ang sanlibutan. Pansinin na sa gayunding pangungusap kung saan kanyang sinabi na si Cristo ay lumitaw sa buong walang hanggan bilang ibang persona, sinasabi rin niyang si Cristo, bilang isinilang bago pa man nagkaroon ng mga sanlibutan. Sinasabi ni E. J. Waggoner na si Cristo ay ipinanganak sa napakatagal na kapanahunan sa panahon ng walang hanggan na hindi kakayanin ng ating pagbibilang ng panahon. Ito ay magbibigay sa atin ng pagkakaisa sa mga pangungusap. Si Cristo ay lumitaw bilang ibang persona mula pa noong walang hanggan yamang siya ay ipinanganak ng Ama.

Alalahanin din naman natin bilang mga Adventista na tayo ay gumagamit ng mga salitang, “walang hanggan”, “walang katapusan”, “magpakailanman” na nangangahulugang sila ay lumitaw hanggang sa matapos ang kanilang layunin.

Sa *Evangelism* p. 616 makikita natin ang siping ito:

> “Kinakailangan nating mapagtanto na ang Banal na Espiritu, na isang persona na gaya ng Diyos na persona, ay lumalakad sa mga lugar na ito.”

Kung basahin ng sinuman ang bahaging ito lamang, iyong iisipin na sinasabi niya na ang Banal na Espiritu ay persona na hiwalay kay Cristo o sa Ama. Subalit, muli, masdan natin ang nilalaman.

> “Sinabi ito ng **Panginoon** sapagkat alam Niya na ito ay makabubuti sa atin. **Siya** ay magtatayo ng pader sa palibot natin, upang malayo tayo sa pagsalangsang, upang ang **Kaniya** namang pagpapala at pag-ibig ay maibuhos sa atin ng masagana. Ito ang dahilan kung bakit tayo nagtayo ng paaralan dito. Inutusan tayo ng **Panginoon** na ito ang lugar kung saan tayo magtatayo, at marami tayong maiisip na dahilan na tayo ay nasa tamang lugar. Tayo pinagsamasama dito bilang isang paaralan, at kinakailangan nating mapagtanto na **ang Banal na Espiritu, na isang persona na gaya ng Diyos na persona**, ay lumalakad sa mga lugar na ito, **na ang Panginoong Diyos ang ating tagapag-ingat, at katulong**. **Kaniyang** naririnig ang bawat salita na ating binibigkas at nalalaman ang bawat bagay na ating iniisip.” (*Manuscript Release*, No.487)

Iyong makikita agad, na ang nilalaman ay tumutukoy kay Cristo bilang presente sa paaralan, hindi hiwalay na persona na tinatawag na Banal na Espiritu.

Mayroong ilang mga talata at sipi sa Espiritu ng Propesiya na ginagamit ng marami upang magturo ng Trinidad. Naunawaan na natin sa nakalipas ang ilan na pumapatungkol sa Banal na Espiritu bilang ikatlong persona ng Kadiyusan. Ako ay naniniwala na ang lahat ng ito ay mapagkakasundo sa pamamagitan ng napakaraming mga tala sa Kasulatan at Espiritu ng Propesiya na **malinaw na hindi Trinitarian**.

# Mga Doktrinang Pinaniniwalaan

**<u>1872</u>**

Na mayroong **isang Diyos**, isang personal, espiritwal, ang manlalalang ng lahat ng bagay, makapangyarihan sa lahat, nalalaman ang lahat, at walang hanggan, walang katapusan ang karunungan, kabanalan, kahatulan, kabutihan, katotohanan, at kaawaan; hindi nagbabago, at presente sa lahat ng dako sa pamamagitan ng Kaniyang kinatawan ang Banal na Espiritu. Awit 139:7

Na mayroong **isang Panginoong Jesucristo, Ang Anak ng walang hanggang Ama**, na sa pamamagitan Niya nalalang ang lahat ng mga bagay, at sa pamamagitan Niya sila nabubuo…

Issues p.437

**<u>1931</u>**

Na ang Kadiyusan, o **Trinidad**, ay binubuo ng walang hanggang Ama, isang personal, espiritwal, makapangyarihan sa lahat, nasa lahat ng dako, maalam sa lahat, sagana sa karunugan at pag-ibig; Ang Panginoong Jesucristo, Ang Anak ng walang hanggang Ama, na sa pamamagitan Niya nilalang ang lahat ng mga bagay, at sa pamamagitan Niya ang kaligtasan ng mga natubos ay matutupad; Ang Banal na Espiritu, ang ikatlong persona ng Kadiyusan, ang dakilang kapangyarihang tagapagbago sa gawain ng pagtubos.

Issues p. 444

**<u>1995</u>**

**Ang Trinidad: Mayroong iisang Diyos, Ama, Anak at Banal na Espiritu**, ang pagkakaisa ng tatlong magkakapantay na Persona. Ang Diyos ay walang kamatayan, makapangyarihan sa lahat, maalam sa lahat, nakatataas sa lahat, at nasa lahat ng dako. Siya ay walang hanggan at higit sa karunungan ng tao, subalit nakilala sa pamamagitan ng Kanyang sariling pagpapahayag. Siya ay walang hanggan karapatdapat pag-ukulan ng pagsamba, paggalang, at pagsisilbi ng lahat ng nilalang.

Sinipi mula sa kasalukuyang sertipiko sa pagbibinyag